# MAY DINADALA

GIANCARLO LAURO C. ABRAHAN V

Isinumite sa

U.P. FILM INSTITUTE

KOLEHIYO NG PANGMADLANG KOMUNIKASYON

Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod Quezon

Bilang bahagi ng pagtupad sa mga kahingian

para sa gradong

BATSILYER NG SINING SA PELIKULA

Abril 2013

MAY DINADALA

ni

GIANCARLO LAURO C. ABRAHAN V

ay tinanggap para sa
grading BATSILYER NG SINING SA PELIKULA
ni

Propesor Grace Javier Alfonso, PhD

at inaprubahan para sa
Unibersidad ng Pilipinas - Kolehiyo ng Pangmadlang Komunikasyon
ni

Propesor Rolando B. Tolentino, PhD
Dekano, Kolehiyo ng Pangmadlang Komunikasyon
Bilang bahagi ng pagtupad sa mga kahingian

# DATOS BIOGRAPIKAL

## DATOS PERSONAL

| | |
|---|---|
| Pangalan | Giancarlo Lauro C. Abrahan V |
| Tirahan | 29 San Miguel Court, Valle Verde 5,<br>Brgy. Ugong, Lungsod Pasig |
| Telepono | (+632) 631-0559 |
| Kapanganakan | 25 Agosto 1989, Manila |

## EDUKASYON

| | |
|---|---|
| Sekondarya | Karangalang Banggit, Ateneo de Manila, Lungsod Quezon |
| Primarya | Klaseng Pandangal, La Salle Greenhills, Mandaluyong |

| | |
|---|---|
| ORGANISASYON | Miyembro, Cinema Arts Society |
| | Katuwang na Direktor ng Palihan, |
| | Linangan sa Imahen, Retorika, at Anyo (LIRA) |
| | Miyembro, UP Junior Marketing Association |
| KARANASAN | Dulang Pampelikula, *Transit* (2013) |
| | Intern, Disenyo ng Produksiyon , *Perfect Day* (2011) |
| KARANGALAN | Unang Gantimpala, 2010 Sony Music Video Making Contest |
| | College Scholar: 1st Sem 2006-2007 |
| | University Scholar: 2nd Sem 2006-2007 |

# PASASALAMAT

Sa Amang nasa Kalangitan, hantungan ng bawat landas ko

Kay Editha A. Calipusan, inang laging nakamasid at di natitinag sa pagmamahal sa akin

Kay Marc Franklin Abrahan, halos buong buhay kong kaaway at kasabwat

Kina Onofre R. Pagsanghan at Virgilio S. Almario, mga amang nasa kalupaan

Kay Dr. Grace Javier Alfonso na buong-pusong nagtiwala sa aking sariling duwende

Sa lahat ng gurong humutok sa pakpak ng aking isip, puso, at haraya

Sa Tula, lunan ng aking katahimikan, at sa iba pang lihim kong kawayanan

Sa lahat ng palad na bumukas sa aking harapan, sa lahat ng kamay na nag-abot ng tulong

Sa lahat ng pinagkakautangan ng loob

Sa lahat ng inasahan ko

Sa lahat ng hindi inaasahan at dumatal pa rin

Sa mga kaibigang bukal ng maraming araw ng ligaya’t maraming gabi ng kahibangan

Sa lahat ng yumakap sa akin, sa lahat ng humawak sa aking kamay

Sa lahat, SALAMAT nang walang hangga sa lahat!

# DEDIKASYON

para sa lahat ng nilingon ko

para sa sinumang lumingon at sa lilingon sa akin

"May dambuhalang bunga ng ating pangangailangan."
- Rio Alma, *Dyipni*

"… human kind
cannot bear very much reality."
- T.S. Eliot, *Burnt Norton*

ABSTRAK

Abrahan, G.L.C. V (2013). *May Dinadala*. Unpublished Undergraduate Thesis, University of the Philippines College of Mass Communication.

Maikling pelikula ang MAY DINADALA tungkol sa isang lalaking may kalaguyong engkanto habang ipinagbubuntis ng kaniyang  asawa ang kanilang panganay. Tangka ng proyektong makapagdulot ng danas ng hiwaga na lihis sa inaasahang danas na tigib sa pangamba. Tangka ring ilihis mula sa danas na makababalaghan, bagkus mailapit ang danas mula sa nakasanayang pagdidistansiyang resulta ng takot sa mga imahen mahiwaga sa kasaysayan ng pelikulang Filipino.

Sinisiyasat ng pelikula ang kakayahang marebisa ang mahiwagang nakaugat sa mitolohiyang Filipino sapagkat sa pag-iimahen ng ating media ay nasasadlak sa napakakitid na kategorya ng kababalaghang horror. Ginagamit na ang mga elementong mahiwaga upang bumuo ng naratibo sa mga pelikulang nagpapatawa subalit hindi pa rin ito makatarungang pagsasa-imahen sa mahihiwagang nilalang ng ating mitolohiyang pambayan. Sa pelikulang ito, melodramatikong estilo ang kinakasangkapan upang maglahad ng mas sensitibong danas ng mahiwaga sa pelikula. Nakatuon ang naratibo sa isterya ng tunggalian ng isang mag-asawa habang kapuwa pinipigil ng mga tauhan ang tulak ng lunggati at pagnanasa. Bagaman maraming pagkakataon ng pagsabog ng damdamin ay bahagi rin ng proyekto ang pagsisikil ng sakit na dinaranas ang mga tauhan, hanggang naiuumang na ang karahasan at pananakit sa kanilang sarili.

# NILALAMAN


| | | |
|---|---|---|
| Pahinang Pampamagat | | i |
| Pahina ng Aprobasiyon | | ii |
| Datos Biograpikal | | iii |
| Pasasalamat | | iv |
| Dedikasyon | | v |
| Abstrak | | vii |
| Nilalaman | | viii |
| Listahan ng mga Talahanayan | | ix |
| I. | INTRODUKSIYON | 1 |
| II. | REBISTA NG KAUGNAY NA TEKSTO | 5 |
| III. | BALANGKAS NG PAG-AARAL | 12 |
| | Ang Mahiwaga | 12 |
| | Horror | 13 |
| | Ang Aswang at Silbi ng Halimaw | 15 |
| | Melodrama | 17 |
| | Hybridity | 20 |
| IV. | PAMAMARAAN | 23 |
| | Pre-produksiyon | 23 |
| | Produksiyon | 28 |
| | Post-produksiyon | 34 |
| V. | DULANG PAMPELIKULA | 42 |
| VI. | MGA SCREENCAP | 59 |
| VII. | KOMENTARYO AT KRITISISMO NG FAKULTI | 73 |
| VIII. | PAHIWATIG AT MUNGKAHI | 78 |
| IX. | BIBLIYOGRAPIYA | 79 |
| X. | KARAGDAGANG PAHINA | 81 |

# LISTAHAN NG TALAHANAYAN


| Bilang | Pamagat | Pahina |
|---|---|---|
| 1 | Mga Call Sheet | 37 |
| 2 | Budget | 40 |

# KABANATA I. INTRODUKSIYON

Sa mga pelikulang Filipino, may tendensiyang maging danas ng kababalaghan ang mga representasyon at mga imaheng mahiwaga. Kinakasangkapan ang mga nilalang ng mitolohiyang bayan bilang halimaw. Bagaman hinuhubog ng pag-iral ng mga engkanto at espiritu ang araw-araw na pamumuhay at pambalanang ritwal, laging katakot-takot at waring dapat pangambahan ang pagsasalarawan sa pelikula ng mga espiritu at engkanto.

Sapagkat lihis sa natural na realidad, abnormal at sobrenatural ang mga engkanto at mahihiwagang nilalang sa ating pambalanang kamalayan. Malupit sa realidad ng isang mahiwagang mundo ang pag-iimahen sa sobrenatural dahil laging kailangang labanan at iwaksi ang mga halimaw at engkanto. Napaiilalim tuloy sa kategoryang horror ang mga naratibong kumakasangkapan sa mga ito bilang mahihiwagang elemento.

Kalunus-lunos ang katayuan ng mahiwaga sa kasaysayan ng pelikulang Filipino. Kung hindi ng takot at pangamba, kinakasangkapan din ang hiwaga sa pagpapatawa: mula sa mala-epikong representasyon ng Enteng Kabisote, na patok sa takilya tuwing Metro Manila Film Festival; hanggang sa mga pelikula ng modernong superhero na ang bida ay komedyante. At samantalang nakalikha na ng pelikulang pantasya, tulad ng *Ibong Adarna*, noong nagsisimula pa lamang gumawa ng pelikula sa Filipinas ay nananatiling mababa ang kaledad ng produksiyon nito. Madalas pinagtatawanan ang mababang kaledad ng special effects at prostetika maging sa mga pelikulang horror na sineseryoso ang pananakot.

Ang mahiwaga ay isang malignong dapat kalabanin, dapat katakutan. Ang anumang mahiwaga ay sobrenatural at labas sa likas na kalagayan. Datapuwat kung pakikinggan ang mga tinig na malayo, kung hindi man malaya, sa tanikala ng pananaw na

panlungsod ay maririnig ang mga kuwento hinggil sa mahihiwagang pangyayari kasabay ng usapang basketbol o usapang lasing, ng tsismis tungkol sa mga naghihiwalay na artista o naghihiwalay na kapitbahay, at ng debate sa politika o pagbubuhat ng sari-sariling bangkô.

Malalim man ang impluwensiya ng agham at teknolohiya sa araw-araw ay hindi maitatangging nananatili ang kapit ng mahiwaga sa buhay Filipino. Mahalagang pansinin na ang kamalayang may hiwaga ang realidad ay bahagi ng hindi sabay at hindi pantay na pag-unlad ng iba't ibang lugar sa Filipinas sa panahong post-kolonyal. Mapapansin ang ganitong bisa sa mga ritwalistikong kilos ng mga Filipino maging sa lungsod. Bukod sa malinaw na halimbawa ng mga relihiyoso, tigmak sa pamahiing sinusunod kahit hindi lubos na pinaniniwalaan.

Literal, sa isang banda, ang paghahanap ng hiwaga sa pelikula na isinusulong ng proyektong ito. Isang muling paglusong sa mga kuwentong mahiwaga at estilong nagpapagitaw sa kahiwagaan ang nais paunlarin sa pamamagitan ng pag-iimaheng gagamitin sa pelikulang ito. Samantalang may ilang pelikula nang sumubok maglahok ng hiwaga sa realidad na kanilang binubuo ay malakas ang pangangailangang isulong ang paggamit ng hiwaga, na taal naman sa kamalayang Filipino, sa pagdalumat ng karanasang Filipino sa pelikula.

Popular na estilo sa pelikulang Filipino, maging sa telebisyon, ang melodrama. Patok sa takilya at sa ratings ang mga melodramang palabas. Malawak man ang pagtangkilik sa melodrama ay mababa ang pagtingin sa estilong ito. Isang palasak at di-eleganteng pamamaraan ng pag-iimpluwensiya sa damdamin ng manonood ang

karaniwang tanaw sa melodrama ng mga kritiko. Subalit sa post-modernong panahon, dahan-dahan na ring nababasag ang paniwalang mas mababang anyo ang pelikulang kumakasangkapan sa estilong melodrama. (Dissanayake, 1993)

Hindi rin maitatanggi na bahagi ng kasayasayan ng Sineng Filipino ang melodrama. Marami sa itinuturing na mahahalagang likhang sine ng Filipinas ay melodrama. Kahit ang mga tinaguriang sosyalista-realistang pelikula ng mga Pambansang Alagad ng Sining sa Pelikula, gaya ni Lino Brocka at Ishmael Bernal, ay nasasaklaw ng kategoryang melodrama. Kaya't bukod sa kakayahan ng manonood na makaugnay sa melodrama, may halagang pansining at pangkasaysayan ang melodrama na hindi maaaring basta itakwil ng lumilikha ng pelikula sa kasalukuyan.

Kung engkanto sa pelikula ang mahiwaga, ipinapanukala sa proyektong na huwag paslangin ang maligno, huwag iwaksi, huwag kalabanin. Bagkus ang mungkahi ay amuhin, kaibiganin, at higit pang kilalahin itong engkantong hiwaga. Hindi dapat katakutan ang engkanto kahit pa umabot sa isteryang melodramatiko ang pagharap dito. Ngunit higit pang mainam kung ito'y lalapitan at makarelasyon itong mga nilalang ng mahiwaga, kung hindi man ibigin.

Maikling pelikula ang *May Dinadala* tungkol sa isang lalaking may kalaguyong engkanto habang ipinagbubuntis ng kaniyang asawa ang kanilang panganay. Nasusulasok at gusto nang kumalas sa relasyon ng lalaki subalit tinitimbang niya ang halaga ng kaniyang relasyon sa engkanto sa isang banda, at sa kabila ay ang halaga ng kaniyang responsabilidad sa kaniyang asawa't magiging anak.

Inilalahad ang kuwento ng pag-ibig ng isang tao sa isang mahiwagang nilalang. Isinasalaysay din ang pagkawasak ng relasyong mag-asawa. Nawawasak din ang kanilang pagiging tao sa relasyong ito hanggang magbanyuhay sila at maging mahihiwagang nilalang.

Maraming kaakibat na ibig sabihin ang pamagat na *May Dinadala*. Mula sa literal na pagtangan o pagbuhat sa isang bagay, maaari ring ipakahulugan ng pariralang nagbubuntis ang isang babae kung hindi may pinagdaraanang problema. Tangka sa proyektong ilahad ang iba't ibang kahulugang ito sa pamamagitan ng isang naratibong sumisiyasat sa madalas na nagbabanggaang usapin ng personal na lunggati't karnal na pagnanasa at ng pagpapahalagang panlipunan. Kinakasangkapan ang mga elementong mahiwaga sa proyektong ito upang sumagisag sa tangkang pagpapalawak ng pagsipat sa heteronormatibong realidad. Ginagamit naman ang mga estilo ng melodrama upang ituon ang pansin sa pagdurusang dinaranas ng iba't ibang tauhan kapag sinisikil ang sarili. Sapagkat may tendensiyang maging naturalisado ang ganitong pagdurusa sa estilong realista, ginagamit ang pagmamalabis sa damdamin at retorika ng melodrama upang maipagitaw ang lala at pagiging iba ng danas ng mga tauhang sumusupil sa kanilang lunggati at pagnanasa.

## KABANATA II.   REBISTA NG KAUGNAY NA TEKSTO

Maraming salik ng impluwensiya mula sa ibang pelikula at mula sa panitikan ang humubog sa pagbuo ng *May Dinadala*.

Muling sisipatin ang ilang mga pelikulang gumagamit ng elemento ng mahiwaga at pantasya, gayon din ang mga pelikulang gumamit ng mga estilong pangmelodrama sa proyektong ito. Lungsaran ang paghahalo ng mga anyong nabanggit sa tangkang lumikha ng pelikulang nakaangkla sa realidad ngunit pinalalawak ang realidad na ito. Sinusubok palawakin ang realidad sa pamamagitan ng paggamit ng mas maigting na damdamin at retorika ng melodrama, at ng paggamit ng mga elementong mahiwaga upang igpawan ang mismong realidad na ito.

Ang aswang ang isa sa mga konseptong mitolohikal na maituturing na pambansa ang popularidad. Mulat ang mga Filipino sa konsepto ng aswang bilang halimaw na nagtataguyod ng moral na pamantayan lalo na para sa kabataan. Ngunit hindi kagaya ng kapre, tikbalang, o nuno sa punso ay aswang lamang ang walang tiyak at siguradong paglalarawan. Dulot din ito marahil ng kakayahan ng aswang magbanyuhay, mag-iba ng anyo ayon sa kaniyang pangangailangan.

Bukod sa pagiging halimaw ng kamalayang pambalana, isang panakot laban sa kapilyuhan ng bata ang banta ng aswang. Kaya hindi naman nakagugulat na madalas ang representasyon sa pelikula ng mga aswang at mahihiwagang nilalang bilang elemento ng horror. Mababakas ito sa samot-saring pag-iimahen sa aswang sa mga pelikulang *Shake, Rattle, and Roll*. Pinakatuwid na marahil ang pagpapangalan sa nilalang na ito sa pelikulang *Aswang* nina Peque Gallaga at Lore Reyes.

Mahalagang salik ng proyektong ito ang biswal na pag-iimahen sa aswang sa mga pelikulang ito. Nakakawing din ang konsepto sa proyektong ito sa kaalamang pambalana na naiukit sa kamalayan ng may-akda mula sa mga kuwentong kinalakhan tuwing nagbabakasyon sa probinsiya. Subalit mahalagang lungsaran naman ng proyekto ang tangkang tanawin ang aswang hindi lamang bilang halimaw kundi isang nilalang na maaari ring tahanan ng pag-ibig.

Kung tutuusin, hindi naman bagong-bago ang kuwentong pag-ibig sa pagitan ng isang mahiwagang nilalang at isang mortal. *Kuba* ang ikalawang bahagi ng pelikulang *Magandang Hatinggabi* ni Laurenti Dyogi. Pinandidirian ng lipunan ang isang kubang babae, at pinaiigting ang pagtakwil sa kaniya ng mga pangungutyang kaniyang natatanggap sa loob ng paaralan. Sa kabila ng pagiging iba, pinili pa ring ibigin ng isang matipunong binate ang kuba.

Subalit kung hindi pa man masaklap ang pagkadistansiya sa kuba mula sa lipunan, napipinto na rin ang nakatakdang pagmamana ng pagiging aswang mula sa kaniyang ina. Maiipit siya sa pagpili sa pagitan ng pag-ibig at pagpapahalaga sa pagkahalimaw na pamana ng kaniyang ina. Iigting ito kapag natulak ang kubang maging aswang upang mailigtas mula sa tangkang pagpaslang ng mga kamag-anak na aswang sa binatang iniibig.

Sa mga nakaraang taon, lumalakas ang pagtangkilik sa tinaguriang alternatibong pelikula lalo na sa pagtatatag ng Cinemalaya Film Festival at Cinema One Originals. Namamayagpag sa mga kompanyang pamproduksiyon ang paglikha ng mga *romantic*

*comedy* lamang. Bilang pagtugon sa kakulangan ng produksiyon ng ibang genre sa loob ng industriya, ilang pelikulang kumakasangkapan sa hiwaga ang lumabas sa mga film festival na nabanggit.

Unang lumabas ang *Yanggaw* (2008) ni Richard Somes sa Cinema One Originals. Ipinapakita sa pelikula ang pagbabanyuhay ng isang dalaga mulang katawang-tao patungong anyong-aswang. Nagtutunggali sa pelikula ang pagpapahalaga sa kaligtasan ng pamayanan sa isang banda, at sa pagligtas sa buhay ng dalaga. Itinuturing na sakit at sumpa ng dalaga ang pagiging aswang sa pelikula, at salot sa lipunan ang kaniyang pag-iral na dapat masawata.

Sunod naming lumabas ang *Panggagahasa kay Fe* (2009) sa Cinemalaya. Sa pelikulang ito, hahantong sa isang malaking desisyon ang bidang babae sa pagitan ng tatlong lalaki sa kaniyang buhay: sa kaniyang mapang-abusong asawa, sa isang dating manliligaw na nakatali sa negosyo ng pamilya, at sa isang misteryoso't mahiwagang manliligaw na maaaring hindi naman pala totoo. Matatapos ang pelikula sa napipinto pa lamang ang desisyon ng babae kung kakainin niya ang itim na kaning inihain ng mahiwagang nilalang na mangangahulugan ng pagtalikod niya sa realidad ng kaniyang dating mangingibig at mapang-abusong asawa.

Malaking impluwensiya sa pag-iimahen ng proyektong ito ang *Sud Pralad* (2004) ni Apichatpong Weerasethakul. May misyon ang ilang sundalo na tugisin ang isang mailap na tigreng kumikitil sa mga hayop na kinakasta ng mga taganayong malapit sa gubat. Sa gitna ng misyon, liligawan ng isang sundalo ang isang taganayon.

Sa unang bahagi, nakatuon ang naratibo sa kakaibang suyuan ng dalawang lalaki. Bagaman sinusuklian ng taganayon ng landi't laro ang panliligaw ng sundalo, batid na di nasusuklian ang kaniyang pagpapahalaga't pag-ibig. Sa ikawalang bahagi, nakatuon ang paglalahad sa pagtugis ng sundalo sa tigre. Subalit sa kanilang paghaharap ay mapapansin ng sundalong kawangis ng taganayong kaniyang iniibig ang hayop kaniyang tinutugis.

Inspirasyon ng proyektong ito ang pastoral na pag-iimahen ng gubat sa Sud Pralad bilang tagpuan ng pag-ibig. Malaking impluwensiya rin sa pag-iimahen ng proyektong ito ang pagsasalarawan sa iniibig bilang Itim na Hubog.

Malaking salik din ang *Brokeback Mountain* (2005) ni Ang Lee sa nabanggit na pastoral na pag-iimahen ng tagpuan ng pag-ibig. Malayo ang tagpuan ng pag-ibig sa lipunan; malayo sa kabihasnan sapagkat hindi katanggap-tanggap ang imahen ng dalawang lalaking nag-iibigan sa lunan ng mga heteronormatibong mga pamilya.

Ito ang pangunahing pinaghuhugutan ang magkaibang sinematograpiyang ginagamit sa proyektong ito. Palaging larawan ng kalawakan ang mga tagpuan ng pag-ibig, tagpuan ng pangunahing tauhan at engkanto, sa gubat man o sa burol na pinagmiminahan. Samantalang masisikip at makikitid ang mga eksena kasama ang asawa sa loob ng bahay.

Ang trahedya ng pagpili sa pagitan ng dalawang dakilang pag-ibig, ng magulang sa anak at ng indibiduwal sa iniibig, sa *Brokeback Mountain* ang trahedyang dinadanas ng pangunahing tauhan sa proyektong ito.

Sa pelikulang *Poison* (1991) ni Todd Haynes, may tatlong naratibong sinusundan. Una, inilalahad sa paraang mala-dokumentaryo ang misteryosong paglipad ng isang bata matapos ang diumanong paslangin niya ang kaniyang ama. Ikalawa'y ipakikita ang paghihirap ng isang presong bakla na umiibig sa kapwa presong dati niya nang nakilala sa labas ng kulungan. Ang ikatlo ay tungkol sa isang siyentistang natuklasan ang pormulang naglalaman ng ubod ng sekswalidad at libog sa katawan ng tao; at matapos na di-sinasadyang mainom ito'y magbabanyuhay siya't magiging leprosong mamamatay-tao. Susubukin ng kaniyang tagahanga, isang babaeng doktor din, na tulungan ang siyentista subalit ikasasawi rin ito ng babae.

Masalimuot ang dalumat ng *Poison* sa pagtutumbas sa ideya ng krimen at ng pagnanasa. Pagdadalumat na kumokontra sa tradisyonal na paniniwala at pananaw ang pinakamalaking impluwensiya ng pelikula sa proyektong ito. Ipinapakita ng unang naratibo ang pangangailangang paslangin at iwan ang pamilya upang magkapakpak at makalipad. Kinasangkapan din sa proyektong ito ang pakpak at paglipad bilang simbolo ng paglaya, ituring mang halimaw ng lipunan.

Sa ikalawang naratibo, may subersibong representasyon ng pastoral na hardin sa loob ng kulungan. Itong kulungan din ang lunan ng pagganap sa pagnanasang hindi maisakatuparan sa labas. May dalumat man ng pagsikil "sa loob" (ng kulungan, ika nga sa idyomang Filipino), akmang representasyon ng interyoridad ang madilim at masikip na lunang ito na mapaglalagyan ng lunggati lamang. At lumalawak ang lugar na ito sa kapag naganap ang pagmamahal, sekswal man o espiritwal.

Sa ikatlong naratibo, dinadalumat kung paanong ginagawang masasahol ding halimaw ang mga nagpipilit na maisisilid ang lunggati't pag-ibig sa isang formula sa

pamamagitan ng agham at matinding pagpapahalaga sa natural lamang. Ipinapalagay ng pelikula na ito ang tunay na aksidente, ang tunay na karamdaman, ang totoong nangangailangan ng lunas. Sa impluwensiyang ito hinugot ng proyektong ito ang paggamit sa mitolohikong aspekto ng langis bilang bagay na pagkapahid ay may kapagyarihang magbanyuhay, magwasak, manlunas, at maglikha.

Mula naman sa panitikan, pangunahing salik ang kuwento ni *Orfeo at Euridice* sa mitolohiyang Griyego. Hindi matanggap ni Orfeo ang kamatayan ni Euridice at humiling kay Hades na muling buhayin ang kaniyang sinta. Matapos mapalambot ng awit ni Orfeo si Hades, pumayag itong bumalik si Euridice ngunit may kondisyon: maglalakad si Orfeo sa harap ng sinta ngunit bawal siyang lumingon hanggang kapuwa sila nakaalpas na sa ibabaw ng lupa. Ngunit pagtapak ni Orfeo sa lupa ay nilingon niya ang sintang naglaho nang magpakailanman.

Bagaman isang trahedya sa pag-ibig, ipinagigitaw sa kuwento ang malalim na pagdududa at kawalang-tiwala ng kamalayang Griyego sa mga diyos. Sa kontekstong Filipino ng proyektong ito, ginagamit ang sitwasyon ng isang tauhang sumusunod sa paglalakad ng sinisinta, at ang paglalaho sa saglit ng paglingon ng sinisinta. Ngunit imbes na sundan ng pag-ibig, ang pangunahing tauhan ang sumusunod sa pag-ibig mitolohiyang Griyego. Sa paghahabol ng pagmamahal, ang batis ng pag-aalangan ay ang matinding hirap ng tauhang bumitaw sa pamilya. Isang kamalayan higit na Filipino ang ipinatutupad.

Sapagkat tinubuan ng pakpak sa dulo ang pangunahing tauhan sa proyektong ito, hindi maiwasang dumulog sa isa pang tanyag na istorya sa mitolohiyang Griyego, ang

kuwento ni *Icarus*. Sa tangkang pagtakas sa isla ng batang si Icarus, ginawan siya ng pakpak ng kaniyang ama. Subalit sa paglipad ay masyadong mapapalapit sa araw si Icarus at matutunaw ang mga pakpak nito. Babagsak ang bata sa dagat.

Inilapat ang kuwento ng pagkakaroon ng pakpak sa proyektong ito, ngunit nakaugat naman sa manananggal ng mitolohiyang Filipino. Ngunit sa kasong ito, sa isang katawang lalaki tutubo ang pakpak ng manananggal. Mahalagang salik ang kuwento ni Icarus sapagkat isang imahen ng paglaya ang nais ipakahulugan ng pagkakaroon ng pakpak. Subalit ang kalayaang ito ay may pagdurusang kapalit.

Samantalang ginamit nang salik ang mitolohiya ni Icarus, babaling din sa tulang "*Musee de Beaux Arts*" ni W. H. Auden na tungkol din kay Icarus:

> "…The expensive delicate ship that must have seen
> Something amazing, a boy falling out of the sky,
> Had somewhere to get to and sailed calmly on."

Sa kabila ng pagdurusa, "the dogs go on with their doggy life" sapagkat hindi pinahahalagahan ng mundo, ng lipunang magtutuloy-tuloy lamang sa karaniwan nitong gawain. Ngunit hindi lamang pagdurusa ang itinatangging nangyari sa tulang ito. Hindi rin pinapansin ang mahiwagang pangyayari inilahad sa isang taludtod: "(s)omething amazing, a boy falling out of the sky."

Kung sa tula'y katumbas ng hindi pagpansin sa mahiwagang pangyayari ang hindi pag-intindi sa pagdurusa, ganoon din ang pagkasangkapan sa mahiwagang pangyayari sa proyektong ito. Bukod sa paggamit ng estilong melodrama upang paigtingin ang pagdurusa ng tauhan, binibigyang pansin ang pagdurusa sa pamamagitan ng pag-iimahen ng pagdurusa bilang mahiwagang pangyayari.

# KABANATA III.   BALANGKAS NG PAG-AARAL

Isang eksperimento sa rebisyon ng mga genre ang *May Dinadala*. Sisiyasatin sa bahaging ito kung papaanong hinubog ang paggamit sa mahiwagang mitolihiyang sa pelikula na umiiwas sa operasyon at bisa ng mga pelikulang horror. Ibinubukod ng pag-aaral ang mga elemento ng mahiwagang genre mula sa elemento ng horror genre na masalimuot ang paghahalo sa kasaysayan ng pelikulang Filipino.

## Ang Mahiwaga

Kailangang tukuyin ang pang-uring mahiwaga na natatangi pa sa pang-uring kataka-taka at sa makababalaghan. Ang isang mahiwagang pangyayari ay hindi naipaliliwanag ng anumang batas o patakaran na pamilyar sa loob ng natural na mundong kinapapalooban ng karanasan. Kapag may mahiwagang naganap ay maaaring isang ilusyon lamang ang karanasang ito, isang panlilinlang ng mga pandama o produkto ng imahenasyon.  Maaari rin naming naganap talaga ang pangyayari subalit hindi lubos na nagagagap ang lohika o batas na sinusundan ng karanasan. (Todorov, 1975)

Mahalagang tumugon nang may pag-aalangan kung tunay nga bang naganap ang pangyayari upang ituring itong mahiwaga. Kung hindi mabalot sa misteryo ang karanasan at matitiyak nang naganap ang pangyayari, maikakategorya na ang karanasan bilang kataka-taka o kababalaghan. Kataka-taka ang pangyayari kung may sapat na paliwanag ang lohika at batas ng natural na mundo. Samantalang kababalaghan ang pangyayari kung kailangan ng pagbabago sa natural na lohika, o kung kailangan ng bagong lohika para maipaliwanag ang pangyayari. (Todorov, 1975)

Naglalaho ang hiwaga ng isang pangyayari kapag nagbago ang estado ng pag-aalangan sa pangyayari patungo sa pagdanas na may katiyakan, natural man o supernatural ang lohika. Ang ugnayan ng mahiwaga sa realidad ay maitatangi sa ibang uri ng danas dahil sa kawalan nito ng paliwanag. (Anderson, 2010)

Sa pelikulang ito, maagang ipinasok ang maluluwag na imaheng pastoral bilang lunan nang pagsulpot at paglalaho ng Itim na Hubog. Ang kawalan ng malinaw na pagpasok at paglabas sa mga lunan ng eksena ang nagpapalagay ng posibilidad na hindi naganap ang mga pag-uusap sa pagitan ng pangunahing tauhan at ng Itim na Hubog. Sa pambungad na sequence din ay inilahad ang imahen ng pag-inom ng pangunahing tauhan upang ipalagay naman ang posibilidad ng panlilinlang ng kaniyang sariling pandama. At sa unang pagkakataong makakaharap ang Itim na Hubog ng pangunahing tauhan, magkakamot muna si Joy ng matang waring hindi tiyak kung paniniwalaan ang aparisyon ng Hubog sa kaniyang harapan.

Pinaigting naman ang hiwaga sa eksenang nagtagpo ang dalawa sa dagat dahil sa biglang paglipat ng lunan mula sa lungting bukal patungo sa bughaw na dagat. Bukod sa pambungad na eksena, itong eksena ng pagtatagpo sa dagat lamang ang nilapatan ng musika. Kahit ang mga paglalahad sa diyalogo ng pagiging halimaw ng mga tauhan laging nakabatay sa tsismis o pagbibitaw lamang ng matalinghagang pang-iinsulto.

## Horror

Hindi maitatangging naikukulong sa kategoryang horror ang anumang pelikulang Filipino na kumakasangkapan sa mga engkanto o mahiwagang nilalang. Hangad ng pag-aaral na itong mapalawak ang kapasidad sa pag-iimahen ng ating pambalanang

mitolohiya. Kung gayon, kinakailangang tukuyin ang mga elemento ng pelikulang horror na kailangang tanggalin sa kabila ng pagpapanatili sa pag-iral ng mga engkanto at mahiwagang nilalang.

Bagaman may layuning manakot ang pelikulang horror, hindi ang bisang ito ang nakapagtatangi sa horror bilang isang anyo sapagkat nadarama ang takot kahit sa mga pelikula hinggil sa digmaan, kalamidad, at krimen. Natatanging anyo ang horror sapagkat nakapagdudulot ito ng malalalim na sikolohikong pangamba. Pinaglilimian at hinaharap sa pelikulang horror ang takot sa dalawang anyo ng kamatayan—kamatayang pisikal na nagtatakda ng wakas ng buhay, at kamatayan ng kaluluwa o walang hanggang pagdurusa at parusa. Bukod sa nabanggit na anyo ng kamatayan, may pagkahumaling pa ang pelikulang horror sa pagsasalarawan ng masamang kamatayan. Kinakailangang mababad sa pisikal na paghihirap ang mga tauhan ng pelikulang horror at madalas katumbas ng matinding sakit tatamasahin isang tauhan ang kabulukan ng kaniyang estadong moral. (Worland, 2007)

Itinulak sa mga huling sandali ang pagharap sa posibleng kamatayan sa *May Dinadala*. Sapagkat mas malakas ang kiling sa melodrama ng pelikula, ang pagharap ng mga tauhan at manonood sa masamang kamatayan sa dulo ng pelikula ay hindi na lamang nagdudulot ng takot sa posibilidad ng pagwawakas ng buhay. Pagsuko rin ito sa bigat ng balintunang danas ng kalayaan at kalungkutan ng paghihiwalay ng mag-asawa. Bukod pa rito, ipinasa sa tauhang nagkatawang manananggal ang desisyong may mabigat na pataw ng moralidad na nagpapalabo sa linyang nagtatakda ng pagtatangi sa halimaw at sa tao.

Hindi tuluyang nakatakas sa mga estilo at bias ng horror ang proyekto, subalit ang mismong kawalan ng katiyakan kung horror nga ba ang pinapanood ang ginagamit nitong angkla upang maging mahiwaga.

**Aswang at ang Silbi ng Halimaw**

Representasyon ng Takot ang mga halimaw—may anyong nagdudulot ng pangamba at siyang mismong dalumat ng pangamba sa mga pelikulang horror. Mahirap tiyakin ang katangian ng halimaw na itinuturing na isang liminal na nilalang sapagkat may kabilaang mukha ng tao at hayop ito, at may kabilaang mukha ng buhay at kamatayan. Ngunit kung papansinin ang mga kontemporanyong pelikulang horror ay mas makiling na ang pag-iimahen sa halimaw bilang tao. Madalas nang nagbabalatkayo sa pang-araw-araw na pagkakaraniwan ang mga halimaw sa kontemporanyong pagsasalarawan ng mga pelikula sapagkat ang pangunahing pangamba ng kasalukuyang panahon ay ang takot na dulot ng ibang tao. (Ryan, 2007)

Pinaglalaruan sa proyektong ito ang pagsasakatawan ng mga halimaw. Unang imahen ay ang Itim na Hubog na maihahambing sa popular na kaalaman hinggil sa kapre—“matangkad, maitim, at paminsan ay nanliligaw ng nakukursunadahang mga dalaga sapagkat isang “lalaki.” Sa pelikulang ito’y sinubok maglagay ng bagong pagsasakatawan sa iniibig ng Itim na Hubog—isa ring lalaki.

Ikalawang imahen ng halimaw sa pelikula ay ang babae. Tinukoy sa diyalogong may lahing mangkukulam ang babae, at gagampanan niya ito sa ritwal ng langis at

pagmamasahe isinagawa sa bandang dulo ng pelikula. Tumutugon ito sa mas kontemporanyong pag-aanyo ng halimaw bilang kapuwa tao.

Mahalagang kilalanin ang ugnayan ng Babae sa kalikasan, sa banal, at sa kapangyarihan. Mababakas marahil sa mga ugnayang ito ang papel na ginagampanan ng babae sa primitibong lipunan ng Filipinas. Kapuna-puna ring suriin ang papel ng Babae sa pelikulang horror ng Filipinas upang masipat ang katangi-tanging pagharap at pag-igpaw asa hapis at takot ng ating pambalanang kamalayan. (Tan, 2009)

Ikatlong imahen ng halimaw sa proyektong ito ang aswang. Natatangi sapagkat kinasangkapan sa representasyong ito ang pagbabanyuhay.

Bagaman maaaring maging lalaki ang aswang, ang laganap na pag-iimahen ng aswang ay babae. Tinangkang baguhin ito sa pelikula sa pamamagitan ng pagsasakatawan ng aswang sa isang lalaki. Ipinakita sa pelikula ang matinding hirap ng pagbibigay ng pakpak ng halimaw sa isang lalaki na maaaring simboliko ng hirap na ipataw sa isang lalaking katawan ang isang bahaging halimaw.

Dakilang kabalintunaan ng horror ang kabilaang pagtanaw sa halimaw. Nilalang itong kinatatakutan kapag lumalabas o naririnig sa eksena, tinitilian kapag lumalapit isang tauhan o di kaya'y sa kamera, nakapagpapakilabot kapag kumikilos kahit anino lamang nito. Ngunit itong halimaw mismo ang sentral na imahen ng mangha sa pelikula. (Worland, 2007)

Ang balintunang ito ay ginamit sa pelikulang *May Dinadala* ngunit imbes na takot ay simpatiya, di kaya'y awa, ang kasabay na ipinadarama sa mangha ng kaniyang pagbabanyuhay.

Aswang ang imahen ng halimaw na ito sa pelikula na may dambuhalang pakpak at ipinapalagay na may kakayahang kainin ang sanggol na ipinagbubuntis. Hindi sumpa o sakit ang pagiging aswang kundi larawan ng indibiduwal na may natatanging kakayahang makapangyari ng katapusan sa kuwento. Imahen ng paglaya mula sa iniisip ng Iba, mula sa bagahe ng responsabilidad sa pamilya, at mula sa limitasyon ng pagiging normal.

Susi ang imahen ng aswang bilang paglaya upang itanggi ang pagbasa sa aswang bilang tagawakas ng buhay, buhay ng sanggol sa kaso ng pelikula. Sa proyektong ito, hindi pagkawasak ang pagiging aswang sapagkat hindi ito imahen ng nilalang sa pagitan ng buhay at kamatayan. Isang pagsilang ang pagbabanyuhay ng aswang dito.

Nasa loob ng indibiduwal ang pagkaaswang ngunit hindi tadhana. Kung sa pambalanang kamalayan ay isang halimaw na dapat katakutan ang aswang, ipinapalagay sa proyektong ito bilang isang posibilidad sa alternatibo’t mas malayang pamumuhay na maaaring yakapin.

**Melodrama**

Matalim ang sinasabi tungkol sa patriyarkal na lipunan at kaakibat na pangamba ng ganitong patriyarkal pananaw at diskurso ang konstruksyion sa kamalayang Halimaw ang Babae. Samantalang pinangangambahan, walang tinig ang babae sa mga pelikulang horror. Ang mapang-akit na kagandahan ay laging nababalot ng misteryo ng katahimikan. Kahit ang halimaw ay umuungol lamang ng tunog na waring sa halimaw. (Tan, 2009)

Mahalagang ambag ng melodrama ang pagbibigay ng tinig sa kababaihan sa pelikula sa pamamagitan ng pagtutuon ng pansin sa kanilang mga karanasan, saloobin, at

aktibidad. Bukod dito ay may kakayahan ang mga melodrama na ilahad ang masasalimuot at malalalim na ugnayan sa loob ng lipunan. (Dissayanake, 1993)

Sa proyektong ito, maaari mang ituring na bangungot ng pantasyang patriyarkal ang representasyon ng babae ay inilalahad na may tinig. Hindi literal ang pagbabanyuhay ng babae sa pelikula. Ngunit mababakas ang isang pagtalikod sa mismong pagsesentimental at nakasanayang bugso ng damdamin at ang tahimik nitong pagdedesisyon na isakripisyo ang kaniyang anak, ang kaniyang mismong katawan sapagkat nagbubuntis siya.

Katangi-tangi ang melodrama sa pelikulang Asyano sapagkat nauunawaan nito ang malalim na pagpapahalaga sa pagdurusa bilang malaganap na espirituwal na karanasang kailangang pagdaanan upang maunawaan ang saysay ng buhay. Mahalagang pagdaanan ang pagdurusa upang tuluyang umigpaw patungo sa isang mas mataas estado. (Dissanayake, 1993)

Hindi lamang lunan ng pagdurusa ang pamilya sa melodramang ito. Tangka sa proyektong itong ilahad ang isang kaakuhang nakapaloob sa pamilya. May malaking pagpapahalaga sa iniisip ng ibang tao ang pelikula. Mababanaag sa ganitong kamalayan ang pagiging Iba ng sinumang nasa labas ng tahanan; gumigitaw na may pantayong pananaw ang mga miyembro ng pamilya.

Binanggit na ang katangian ng naratibong tinahak ng pelikula taliwas sa kuwento ni *Orfeo at Euridice*. Pagpili sa pamilya, sa anak (at asawa) na maiiwan, ang mangingibabaw. Nangibabaw ang pag-uwi sa tahanan sa kabila ng nilulunggati't ninanasa sa gubat na lunan ng pag-ibig. Sa loob ng tahanan, madalas na eksena ng

sigawan at matinding bugso ng damdamin ang nagaganap. Pinaiigting ng ganitong danas ang mabigat na bisa at epekto ng pamilya sa mga tauhan.

Malayo sa inaasahang verisimilitud ang pagkilos ng mga tauhan sa loob ng isang melodrama. Sadyang may pagmamalabis sa kilos at damdamin ang mga tauhan. At maaaring magpalit mula sa isang masidhing damdamin patungo sa kabaligtarang matinding damdamin. Kung sa horror ay lumalabas sa habulan ng halimaw at tao ang karahasan, ipinapaloob, kung hindi man inuumang, sa sarili ang karahasan sa isang melodrama. (Gledhill, 1987)

Lumilitaw ito sa pagtanggi ng bawat tauhan na magdesisyon para sa kanilang sarili. Nagpipilit ang babae na iwan siya. Bagaman may kakayahan naman siyang lumisan nang kusa, ipinapataw niya ang pag-alis sa kaniyang asawa, ang pangunahing tauhan. Hanggang sa dulo ng pelikula, kahit handa na siyang pakawalan ang relasyon at ang buhay ng kaniyang magiging anak ay nakapataw pa rin sa pangunahing tauhan ang pagpiling kainin ang bata. Gayumpaman, ang kaniyang pagsigaw ng "Umalis ka na," at "Kainin mo na," ay pawang pananakit ng babae sa sarili: una'y maiiwan siyang mag-isa; ikalawa'y mas marahas at pisikal na kakainin ang kaniyang loob.

Kahit ang Itim na Hubog ay nasa posisyong laging nagbibigay ng tulong at pag-ibig sa pangunahing tauhan subalit hindi ito natutumbasan ng sapat na sukli. Maging ang huling kondisyon ng Itim na Hubog ay isang pananakit sa sarili sapagkat isa itong pagsusugal na maiwan siya ng kaniyang sinisinta, ng katapusan ng pag-ibig.

Walang takas sa pagwasak ng sarili ang pangunahing tauhan sapagkat masasaktan siya anuman ang piliing kapalaran. Gayong pagkakaipit ang sentral na tema ng pelikula.

Samantalang nawala na sa larawan ng naratibong piliin ng pangunahing tauhan ang pag-ibig ng isang engkanto, isinadlak naman siya sa isang kapalarang kainin ang kaniyang anak, na tanging dahilan ng kaniyang di-pagpili sa pag-ibig.

Bagaman kapangyarihan ng langis ang nagbanyuhay sa pangunahing tauhan, hindi mapasusubaliang nasa loob ng mismong tauhan ang pagkahalimaw. Isa mang pagwasak sa sarili ang pagiging aswang, ito ang susi sa ganap niyang kalayaan sapagkat sa pagiging aswang lamang siyan napakakawalan sa lahat ng kaniyang dinadala.

Sa rebisyon ng mga genre, proseso ng pagbubukod at muling paghahalo ang isinasagawa sa proyektong ito upang muling bumuo ng bagong anyo. Pagkasangkapan sa iba't ibang mga estilo at dalumat na nagreresulta sa siyokoy na anyo. Sa kaso ng *May Dinadala*, dinadalumat ang isang bagong genre na nasa gitna  ng anyong mahiwaga, horror, at melodrama sa pelikula. Kinakailangan ang ganitong pagbabago sa pagdalumat at pag-intindi sa mga pelikula sapagkat kailangan ding kilalaning hindi na sumasapat ang mga dating kumbensiyon upang ilahad ang kontemporanyong sitwasyong nagsasalimbayan ang samot-saring impluwensiya sa makabagong kamalayan—pansarili man o pambalana.

**Hybridity**

Natutukoy ang identidad ng lipunan sa mga lunan ng pagbabanggaan, sa mga lunan ng pagtatagpo, sa mga lunan ng pagsasanib. Mahalaga sapagkat sa mga lunang ito nagkakaroon ng pag-uusap ang iba't ibang mga pag-unawa at pagdalumat sa mundo.

Habang inaareglo ang iba't ibang halagahan at pagpapahalaga, pinakamahalagang sipatin itong mga lunan ng pagsasanib sapagkat dito nagkakaroon ng pagtanggap sa mga dalumat na iba sa sarili. Hindi man maiiwasan ang pagbabanggaan, laging may lunan ng pagtanggap sa kultural na pagsisiyokoy (o *hybridity*) na lumilimot sa tunggalian lalo na't mayroon namang binabalikan at nililingong tradisyon. (Bhabha, 1994)

Sa kaso ng mga genre sa pelikula, mayroon nang malaganap na paraan ng paglikha. At sa isang post-modernong panahon ng paglikha, ang panawagan ng makabago ay matatagpuan sa paghamon sa nakasanayan nang paraan. Kung ang pagdalumat sa post-kolonyal ay mahahanap sa pagnanaturalisa ng mga tradisyon at dalumat ng estrangherong mananakop, may ganito ring pangyayari sa kasalukuyang globalisadong interaksiyon. Hindi na maikukulong ang kontemporanyong pag-unawa at representasyon ng pelikula sa kamalayan at kaisipang Filipino sa impluwensiya ng mga dating mananakop sapagkat malaki na rin ang impluwensiya kahit ng iba pang malaganap na paraan ng pag-iisip. Halimbawa ang pag-iral ng maraming dominanteng sentro ng pag-iisip at pagdalumat sa pelikula gaya ng Hollywood sa isang banda at Pransiya sa kabila. Nariyan din ang paglitaw ng mga iba't ibang sentro kahit sa alternatibong pagdalumat gaya ng samot-saring sentro, dominante man o minoridad sa iba't ibang panig ng mundo.

Sa proyektong ito kung gayon, batay sa kasalukuyang siyokoy na Filipinong sensibilidad ang negosyasiyon ng mga elementong pananatilihin at itatakwil mula sa mga kumbensiyon ng malaganap nang mga genre; ngunit may impluwensiya ng kasalukuyang kalagayan ng nagbabanggaan at nagtatagpong mga teknik at estilo ng Sinemang Pandaigdig. Rebista at rebisyon ng aswang ang isinasagawa sa pelikula: pagsasalarawan

ng isang lalaking nagbabanyuhay patungo sa kalayaan at bagongbuhay. Sapagkat pinagtatawanan pa rin ang pelikulang mahiwaga, horror, at melodrama ay tangka ang isang reklamasyon nitong mga genre bilang lehitimong paraan at estilo ng masining na paglikha ng pelikula.

# KABANATA IV. PAMAMARAAN

## Pre-produksiyon

Mahabang proseso ng pagbuo-pagbasag-pagbuo ang pinagdaanan ng pelikulang *May Dinadala*. Nagsimula noong Nobyembre 2010 ang paunang pagdalumat sa naratibo ng pelikula. Hinubog ito sa loob ng isang semestre sa ilalim ng gabay ni Propesor Grace Alfonso sa kursong Film 199. At bilang pagtupad sa mga kahingian ng kursong Film 199, ipinagtanggol sa harap ng Fakulti ng U.P. Film Institute ang unang konseptong pantesis ng director noong Pebrero 2011. Ipinasa ang konsepto at pinatuloy ang direktor sa susunod na bahagi ng paglikha.

Sumailalim sa maraming rebisyon ang dulang pampelikula sa loob ng mahigit isang taon. Pagsapit ng Marso 2012, napagdesisyunan ng direktor na palawakin ang pelikula at gawing ganap ang haba. Natapos ang binagong dulang pampelikula noong Hulyo 2012. Subalit naudlot ang produksiyon ng pelikula dulot ng pagkakanakaw sa kompyuter, harddrive, at mga kuwaderno ng direktor. Muling nagsulat ng dulang pampelikula ang direktor na natapos noong Nobyemre 2012.

Pagtuloy sa kursong Film 200, si Propesor Jose Gutierrez III ang nakuhang tagapayo ng direktor ngunit matapos ang isang taon ay nagbalik ang direktor sa gabay ni Propesor Grace Alfonso. Ipinasa ng direktor ang ikatlong krokis ng kaniyang dulang pampelikulang ganap ang haba noong Nobyembre 2012. Buo ang loob ng direktor na gumawa ng pelikulang dalawang oras haba noong una. Subalit sa pagdating ng magandang balitang nagawaran ng pondo mula Cinemalaya ang ibang isinulat na iskrip ng direktor, nagdalawang-isip siyang ituloy ang ambisyosong proyekto. Matapos ang tatlong oras na pagsasalaysay at pagpapaliwanag sa ikatlong krokis, ibinahagi ng direktor

ang kaniyang pag-aalangan sa tagapayong si Propesor Alfonso. Iminungkahi ng direktor ang paglikha ng maikling pelikula mula sa isang arkong naratibo ng mas mahabang akda. Buo naman ang suporta tiwala ng tagapayo na magtatagumpay ang direktor anuman ang landas na tahakin, maikli man o ganap ang haba.

Mula sa pag-aalangang ito hinubog ng direktor ang kuwentong nakasentro sa isang baklang may kalaguyong itim na hubog. Sa puntong ito ng rebisyon naipasok ang tauhan ng asawang nagbubuntis upang tumayong imahen ng katunggali sa sentral na suliranin ng kuwento.

Dalawang buwang inayos ang mga kahingian ng nasabing proyekto para sa Cinemalaya kaya't dalawang buwan ding natigil ang anumang pag-usad ng proyekto. Pagsapit ng unang linggo ng Enero 2013, nagpatawag ng pulong ang direktor kasama ang kaniyang katuwang na direktor na si Bb. Ilsa Malsi. Kinausap din ang tagapamahala ng produksiyong si Bb. Melai Entuna, ang sinematograpang si Bb. Sasha Palomares, at tagapagdisenyo ng produksiyong si G. Whammy Alcazaren. Pinag-usapan sa pulong ang pangako ng suporta at tulong sa produksiyon at ang iskedyul ng okyular ng mga lokasyon kahit wala pang nabubuong bagong iskrip.

Isang linggo matapos ang unang pulong, nagkita muli ang direktor at ang kaniyang mga katulong sa produksiyon upang pag-usapan ang unang krokis ng dulang pampelikula na pinamagatang *Dahas ng Anino*.

Nagpunta ang direktor sa Bohol kasama sina Alcazaren, Entuna, at Palomares noong ikatlong linggo ng Enero 2013. Sa unang hapon ng kanilang paglagi sa Bohol, nagtungo sila sa opisina ng alkalde ng bayan ng Loboc, Bohol. Ipinagpaalam ng direktor

ang paggamit ng iba't ibang lokasyon sa bayan para sa pelikula—ang tibagang burol ng apog, ang plantang gumigiling sa naluto nang apog, ang gubat ng kamagong na katabi ng kalsada sa dulo ng bayan, at ang tulay na gagamitin sa epilogo ng pelikula.

Binisita sa mga sumunod na araw ang iba't ibang lokasyon. Pinakamahalagang batayan ng grupo ang kilabot na nakukuha nila sa mga lokasyon.

Unang sinilip ang gubat ng kamagong. Inaprubahan ng buong grupo ang lokasyon sapagkat nakakikilabot ang napakagandang pagkakatuwid ng mga punong halos pantay ang distansiya sa isa't isa. Sunod na pinuntahan ang plantang gilingan ng mga bato. Napakaganda rin ng lokasyon dahil puting-puti ang kapaligiran mula sa pinong apog sa sahig, sa mga puting sako, at kahit sa makinang pula na naalikabukan ng apog.

Pagkatapos ng tanghalian, binisita ng grupo ang Loboc Public Market. Pinili ang lokasyong ito sapagkat katabi lamang ng palengke ang mga taniman ng palay at lahat ng tindahan ay gawa sa kahoy.

Huling lugar sa Loboc na binisita ng pangkat ang isang tibagang burol ng apog katabi ng planta ng bayan ng Loboc na gumagawa ng fertilizer. Napakaringal ng puting-puting paisahe. Napakaganda pa ng isang bahagi ng burol na kawangis ng *pride rock* sa *Lion King* (1994).

Nagpunta naman ang grupo sa farm ng lolo't lola ng direktor sa karatig na bayan ng Loay. Napagpasyahang mainam ang maduming kusina ng farm bilang kusina at hapag, samantalang ididisenyo ang bodega upang maging kuwarto. Napagpasyahan ding gawing "sala" ng bahay ang nabububungang papag sa labas ng kusina. Naisip na mainam

ang lokasyon sapagkat ang mismong bahay ay katamtaman naman ang laki at matino nang matutuluyan ng pangkat kapag hindi kailangan sa eksena.

Nagtungo rin sa siyudad ang grupo upang magtanong sa mga estudyong pampotograpiya kung may marerentahang mga ilaw pampelikula. Subalit walang estudyong may ganitong serbisyo kaya't napagdesisyunang gagamit na lamang ng dilaw na bombilya na ibabalot sa *chinese lanterns*, mga floodlight, at tungsten na T-5.

Tuwing gabi, nagpupulong ang pangkat upang pag-usapan ang mga artistang maaring kunin para sa proyekto. Pinag-uusapan din ang limitasyon sa badyet. Sa pulong ding ito ipinataw sa tagapagdisenyo ng produksiyon ang mga limitasyon sa badyet para sa mga gamit, mga kasuotan, at prostetika.

Ang huling araw ng okyular ay ginanap sa napakalawak at napakaputing playa ng Anda, Bohol. Hindi ito sintanyag ng Panglao, ngunit marahil ay mas maganda pa, at tiyak na higit ang katahimikan. Habang nasa Anda, inasikaso ng tagapamahala ng produksiyon ang paghahanap ng mga artistang gaganap sa pelikula. Dito na rin hiningi ng direktor ang opinyon ng pangkat hinggil sa maaaring rebisyong tahakin sa pagsusulat.

Halos limang araw ang ginugol ng grupo para sa okyular.  Bagaman napakatagal kung tutuusin ng nangyaring okyular, napakahalaga nitong pagkakataon upang makagbuo ng relasyon ang pangkat bago sumabak sa mismong produksiyon. Naging mainam para sa pangkat ang mahabang okyular hindi lamang sa pagkilala ng lugar kundi sa pagkilala

sa mga tao ng Bohol at kanilang pamamalakad sa araw-araw. Pinakamahalagang naidulot nito ang pagsentro ng pangkat ng kanilang buong atensyon sa loob ng matagal na panahon para lamang sa produksiyon.

Sa casting call ng Cinemalaya nakuha ang impormasyon ni G. Garry Lim, na gumanap bilang Joy, at ni Bb. Zeny Sevilla, na siya na ring gumanap na Minda. Sa sumunod na linggo ay nakuha na rin ang pangako ng pagganap nina Bb. Uleb Nieto at G. Dax Alejandro.

Nagkita sa isang kapihan ang direktor at ang tagapamahala ng prostetika si G. Alf Alacapa. Sa pulong na ito pinag-usapan ang hitsurang nais ng direktor para sa Itim na Hubog at sa pakpak.

Dumalo rin sa pulong na ito si G. Dax Alejandro upang masukatan para sa prostetika. Nagkaroon ng papaliwanag ang direktor kay Alejandro sa nais niyang direksyon sa pag-arte at ang personal pakahulugan ng direktor sa iskrip.

Noong linggong din iyon, nakipagkita ang direktor kay G. Garry Lim. Matapos ang dalawang oras ng konsultasyon hinggil sa atake ng artista, dumiretso naman sa ibang pulong ang direktor kasama sina Malsi at Palomares upang pag-usapan kung paano ang mga kuha sa pelikula. Halos limang oras nilang pinag-usapan at iginuhit ang mga kuha at ang iskedyul ng produksiyon.

Nakipagkita rin kina Sevilla at Nieto ang direktor. Nagtawag ng pulong ang direktor kasama ang mga bagong kasapi ng pangkat: katuwang na direktor, Roanne Aujero; at tagapamahala ng produksiyon, Phy Grande. Sa pulong ding ito tiniyak ang iba pang miyembro ng pangkat na lilipad patungong Bohol. Nirebisa muli ang iskedyul at

pinag-usapan ang iba pang pangangailangan ng produksiyon. Nagtakda rin ng paunang pagsilip ang direktor at si Alcazaren sa mga kasuotang kaniyang pinamili.

Sa ikalawang linggo ng Pebrero, nagkaroon ng pulong ang pangkat upang isalang sa isang palihan at pagbasa ng mga linya ang mga artista. Nagsilibi na rin itong pagkakataon upang sukatin ang mga kasuotan at ang hilaw na likhang prostestika. Nagtagal nang dalawang oras ang mismong palihan at pagbasa ng mga linya. Nagbatuhan ng mga linya at ng mga ideya sa paglapit sa teksto ng ang mga artista, direktor, at Malsi. Isa sa pinakamaliligayang punto ng pre-produksiyon ang araw na ito para sa direktor sapagkat nakikita na niyang nabubuo ang produksiyon at naririnig niyang mabuhay ang mga linya mula sa pahina.

Huling bahagi ng pre-produksiyon ang araw bago ang pagdating ng buong pangkat sa Bohol sapagkat nauna na rito ang direktor, sina Alcazaren, Entuna, at Malsi. Sa araw ng pagdating ng buong pangkat ay nag-ayos ng set si Alcazaren, at namili ng iba pang pangangailangan ng produksiyon si Entuna. Buong araw namang dinadaanan ng direktor at ni Malsi ang iskedyul.

Kinagabihan, dumating ang buong pangkat at nagpiyesta ang buong grupo sa hapunan. Dito nagpatawag ang direktor ng unang company call ng pangkat. Umulan.

**Produksiyon**

Umuulan nang umulan noong umaga ng unang araw ng produksiyon. Walang eksenang makunan sapagkat hindi uubra ang marerekord na tunog. Matapos ipilit na makunan ang unang eksena ng araw—eksena nina Elena at Minda sa may papag—ay

nabalitaan ding nakansela ang lipad ni Aujero patungong Bohol kasama si Bb. Dolly de Leon, na gaganap sanang tindera sa palengke. Nang malaman ito, umalis sa set ang direktor at umiyak sa kaniyang ina sa cellphone.

Walang magawa ang pangkat kaya't napaaga ang pananghalian. Limang oras nang huli sa iskedyul nang makuha ang eksena ng unang away sa kusina. Minadali pa ito sapagkat nais ng direktor habulin ang ilan pang eksena sa palengke at bukal na dapat sanang nakunan noong umaga.

Nahagilap sa Tagbilaran si Bb. Amihan Ruiz, dating nagteteatro at kaibigan ni Nieto, upang pumalit kay de Leon. Madaliang pinasadahan ang mga linya, binigyan ng bagong kasuotan si Ruiz. At nagtungo ang buong grupo sa palengke.

Sa paghahabol ng ilaw, minadali na rin ang pagkuha sa palengke at nagtungo ang pangkat sa bukal. Padilim na sa bahaging ito ng araw kaya't paspasan na ang pagkilos ng pangkat upang makakuha ng footage. Hindi na nakapasok sa bukal ang mga nirentahang bangka sapagkat masyadong mabilis ang agos ng ilog dahil sa unos noong umaga. Nakompromiso sa pagmamadaling ito ang ilang mga kuhang nais sana ng direktor.

Pagkatapos nito'y naghapunan ang pangkat sa farm. Tinuloy ang pagkuha sa ikalawang away sa kusina at sa paggising ni Joy bilang manananggal.

Hindi pa rin nakuha lahat ng kailangang eksena kahit natapos nang huli sa iskedyul ang unang araw dahil sa matinding pagkaantala noong umaga.

Umuulan pa rin noong umaga ng ikalawang araw kaya't tatlong oras muling nagpatila ng pangkat bago tumungo sa unang lokasyon. Nagtungo sa planta ang pangkat

upang kunan ang eksena kasama si G. Ibag Varquez. Sinikap ng pangkat na matapos agad ang eksena upang masamantala ang pagtila ng ulan.

Kinuha agad ang eksena sa tibagang burol habang makulimlim upang hindi mahirapang hanapin ang wastong exposure. Pinalad ang grupo ng nanatili ang kulimlim nang hindi bumabagsak ang ulan. Ito rin ang unang eksenang lumabas ang Itim na Hubog kaya hindi nagmadali ang pangkat sa pagkuha nito.

Sa araw na ito, umalis na si Alcazaren para mag-asikaso ng ibang trabaho at naiwan kay Bb. Hazel Tan ang responsabilidad ng disenyong pamproduksiyon. Katuwang niya si Bb. Venice Atienza na sa ikalawang araw lamang ng produksiyon nakarating kasama ng katuwang na direktor na si Aujero.

Pagkatapos ng eksena sa tibagang burol, humarurot ang pangkat sa gubat. Kamalas-malasan, mas maingay ang lugar sa inaasahan sapagkat napakaraming dumaraang sasakyang bumubusina pa. Napagpasyahan ng grupong subuking kumuha sa maliit na bahagi karatig ng liblib na farm na natatamnan ng murang kamagong.

Dahil naubos ang mahigit isang oras, bahagi lamang ng isang eksena sa gubat ang nakunan. Isang sequence ang nakunan ngunit dahan-dahan nang dumidilim sa mga panahong iyon kaya't hindi rin mainam gamitin ang footage na nakuha. Sa puntong ito, nagpasya ang direktor na tanggalin ang surreal na eksenang pagtatahulan ng mga batang astang aso sa gitna ng gubat.

Nagdesisyon ang direktor at sinematograpa na ilipat ang lokasyon ng dagat sa mas maliit na playa sa Loay bagaman mabigat sa loob ng direktor na hindi puti ang buhangin. Kinakailangang makuha sa gabi ang mga eksenang nakaiskedyul para sa gabing ito pati

na ang mga hindi nakuha noong nakaraang gabi. Kaya pagkatapos na pagkatapos ng hapunan ay nag-ayos na ang pangkat para sa eksena ng pagmamasahe.

Hindi madali ang pag-iilaw sa eksena sapagkat nakalunan ito sa loob ng bahay habang gabi at walang akmang pagmumulan ng ilaw. Gumawa ng kunwaring silahis ng buwan ang sinematograpa na tinumbasan naman ng set man ng usok upang lumitaw lalo ang sinag ng ilaw na lumalagos mula sa labas ng bahay.

Saka naman inilawan ang lugar na may papag. Halos iisang ayos na lamang ito ng ilaw para sa huling dalawang eksena ng gabi. Dito sa papag pinaiyak muna si Nieto habang kinakabitan ng pakpak si Lim.

Sa huling eksena, apat na ulit itinanghal ang napakabigat na eksena. Sa bawat ulit, sinubok paigtingin ang damdamin ni Lim. Bago ang huling kuha, natagalan din si Lim sa paghahanda dahil gusto niyang magbigay ng atakeng sakto ang bagsak ng kaniyang luha sa bato ng linya ni Nieto. Nagsimula nang kumuha ng footage ang mga kamera at nagsimula na ring magrekord ng tunog habang kinakausap ng direktor ang mga artista.

“Isipin mo noong iniwan ka ng asawa mo,” sabi ni Nieto.

“Walang epekto sa akin iyan,” wika ni Lim na wari pang natatawa.

“Nakalimutan ka na ng mga anak mo,” dagdag ni Nieto.

At waring nag-uumapaw bigla ang mata ni Lim sa luha. Bigla siyang humiging ng isang pamilyar na melodiya. Tumungo si Lim at biglang narinig ang basag niyang boses na kumakanta: “I see friends shaking hands saying ‘How do you do?’ They’re really saying…” Humarap siya kay Nieto, hindi, kay Elena at ibinato ang unang linya.

Puno ng hiwaga ang eksena, hindi maputol ng direktor ang eksena kaya’t paulit-ulit namang sinambit ni Nieto ang kaniyang linyang “Kainin mo na. Kainin mo na.”

Nang putulin ng direktor ang eksena, agad niyang niyakap si Lim. Nagpasalamat ang direktor sa lahat at winakasan ang ikalawang gabi.

Puro eksenang exterior ang ikatlong araw, at dapat sana't huling araw ng produksiyon. Kaya't nang umuulan hanggang ikawalo ng umaga ay walang magawa ang pangkat kundi magtiwalang titila rin ito gaya ng mga nakaraang araw. Kinailangan nang pumunta sa gubat sa iba pang bayan, sa Bilar, upang matiyak na magkakaroon ng magandang tunog lalo na't napakaselan ng eksena ng paghihiwalay sa gubat. Inabot pa ng isang oras bago makarating sa lugar at isa pang oras muli para makahanap ng akmang bahagi ng gubat na gagawing lunan ng eksena. Bukod dito'y hinintay pa ang muling pagbuo sa prostetika ng Itim na Hubog.

Halos tanghaling tapat na nang makatira ng footage ang pangkat. Maraming shot na nais sana ng direktor ang kinailangang irebisa ng direktor, sinematograpa, at mga katuwang na direktor. Kinailangang bumuo ng parehong kuwento na may akma pa ring lambing at bagal ng paghihiwalay, at akma pa ring hiwaga para sa daya ng paglalaho ng Itim na Hubog. Nairaos ang eksena nang hindi nakukuha ang mga paglakad sa gubat.

Umalis ang grupo sa gubat na halos kalagitnaan na ng hapon at wala pang pananghalian. Napagpasyahan ng grupong huli sa pagpapahalaga ang eksena sa dagat labag man sa kagustuhan ng direktor. Bumalik ang pangkat sa Loboc upang kumain at kunan ang eksenang prusisyon ng bayan na sasalubungin ng imahen ng direktor.

Matapos ang pananghalian, inihanda na ang lahat ng taong kasama sa susunod na eksena. Sampung matandang babae ang nakabihis na at tumulong sa pagdidisenyo ng karong sasakyan sana ni Nieto na aarteng manganganak. Nakabihis na rin si Lim at muli

nang nalagyan ng prostetika si Alejandro. Nakapagrekord ng awit ang bandang pambayan na mamumuno sa prusisyon. Nakahanda na sa isang dulo ng tulay ang higit isang daang batang surreal na nakanganga habang naglalakad sa prusisyon. Sa kabilang dulo ay kinukunan na ang direktor na naghihila ng isang dyip.

Nahirapan ang pangkat sa pagpigil sa mga tao sa pagtawid sa tulay kahit may mga tanod nang nakatokang magbantay at pumigil sa madla. Matapos ang dalawang kuha ng paghila ng direktor sa dyip, nagpasya siyang itigil ang eksena at tumuloy na lamang sa eksena sa dagat.

Sampung ulit tinanong ang direktor nina Aujero at Palomares hinggil sa katiyakan ng kaniyang desisyon. Ngunit buo ang loob ng direktor. Itinigil ang eksena. Humingi siya ng tawad sa mga taong inabala niya para sa wala. Mabigat sa loob ng direktor ang pangyayari ngunit hindi dahil sa pagkatanggal ng eksena sa pelikula. Mas mabigat sa direktor ang kaniyang pag-abala sa napakaraming tao (buong bayan at hindi lamang baranggay) para sa wala.

Habang palabas ng bahay ang pangkat, nabalitaang nagbanggaan ang dalawang sasakyang ginagamit ng produksiyon. Muling natigil ang produksiyon habang naghihintay sa transportasyon ang grupo. Nagsiksikan sa ibang sasakyan ang pangkat patungong playa. Hinahabol na ang ilaw sa puntong ito.

Matiwasay at maligaya ang katapusan ng eksena. Sa puntong ito nagpasya ang pangkat na kukuha ng footage ng paglalakad sa gubat ng kamagong sa susunod na araw kahit nakauwi na ang ilan sa pangkat. Halos buo na ang pelikula. Nag-uwian sa pension house at naligo. At tinapos ang ikatlong araw sa isang malaking handaan at inuman.

Sa araw ng paglipad pauwi ng Maynila, nag-almusal ang buong pangkat nang sama-sama. Sabay umalis ng pension house ang mga aalis patungong airport at ang mga kukuha pa sa eksena ng paglakad-lakad. At katulad ng mga nakaraang araw, hindi nagpatawad ang langit at umulan pa rin sa mga panahong ito ng pagkuha ng footage. Buti't nakasingit ng paglakad sa kaunting panahon ng pag-ambon lamang.

Nang pauwi na ang grupo mula sa gubat, tumila ang ulan. Nagpasya ang direktor na tipunin ang lahat sa Loboc Eco-Adventure Park at sumakay sa zipline. Huling sumakay sa zipline ang direktor. At habang tumatawid mula sa isang bundok patungo sa kabila'y sumisigaw: "*It's a wrap*!"

**Post-produksiyon**

Mahigit isang buwan ang panahong nilagi ng proyekto sa post-produksiyon. Dalawang linggo matapos ang produksiyon, nagsimula ang pag-eedit ng footage. Matapos ang unang rebista ng mga kuha, nagtanggal ng tatlong sequence mula sa nakuhang footage para sa pelikula ang direktor: eksena sa palengke, eksena ng tampuhan sa gubat, at eksena ng pag-ahon sa bukal. Upang pangasiwaan ang mas mabusisi at mas madugong putol-tahi ng pelikula, hiningi ng direktor ang tulong bilang editor si Bb. Ilsa Malsi, kaniyang katuwang na direktor. Si Malsi ang bumuo sa unang eksena at siyang nagtakda sa tiyempo ng pelikula sa kabuuan. Si Malsi rin ang bumuo ng mga eksena ng tunggalian sa loob ng bahay.

Upang mapaigting ang kabilaang dating ng pelikula, pinili ng direktor na kumuha ng isa pang editor, si G. Judd Figuerres, upang pangasiwaan ang pag-eedit sa ibang araw.

Binuo ni Figuerres ang mga eksena sa gubat, mga kuha ng pagmamasahe at pagbabanyuhay.

Pinili namang mag-edit mismo ang direktor ng dalawang eksena: ang eksena ng pagtatagpo sa dagat, at ang huling eksena.

Matapos busisiin ni Bb. Malsi ang putol ng pelikula, naglabas ng isang putol na ipinadala sa Outpost Visual Frontier para sa pagkukulay. Naglabas naman ng isang putol na may mga markang gabay para sa magdidisenyo ng tunog.

Kinatagpo ng direktor si G. Dru Ubaldo, mismong rekordist ng tunog sa pelikula, upang iabot ang mga file at pag-usapan ang disenyo ng tunog sa pelikula. Bukod sa mga talang nakamarka sa kopya ng pelikula, nagbibigay ng panuto ang direktor sa pamamagitan ng SMS (short message service).

Kausap naman ng direktor sa Facebook ang gitaristang si G. Igo Gonzalez. Nakalikha na bago pa magsimula ang produksiyon ng isang awit si Gonzalez. Napagpasyhang gamitin ito sa closing billboards ng pelikula. Muling inatasan si Gonzalez na magrekord ng tatlong bagong komposisyon na ginamit para sa trailer, sa pambungad na eksena, at sa eksena sa dagat. Kahit ang pagpapadala ng files, para sa musika man o sa bidyong gabay, ay sa internet isinagawa. Matapos ang maraming rebisyon, inihabol ng direktor ang files ng musika para madisenyo ni Ubaldo.

Dalawang magkasunod na araw namang sesyon para sa pagkukulay ng pelikula ang inilaan ng direktor kasama ang sinematograpang si Palomares at kaniyang nobyong si G. Miko Araneta, isang kolorist sa Outpost Visual Frontier. Pinakamabusising bahagi ng

pagkukulay ang pagpapalit ng kulay ng dagat at ang pagpapagabi sa eksena sa gubat na kinuha habang araw.

Ipinagdugtong ang kinulayang footage at ang dinisenyong tunog noong 2 Abril 2013. Nagtanggal muli ng isang eksena ang direktor, nagputol ng ilang linya mula sa isang diyalogo, at nagmanipula ng bilis ng isang bahagi.

Kinabukasan, nirebista ni Malsi ang huling putol ng pelikula. Idinagdag naman ni Figuerres ang kaniyang kuha ng ulap, na kinulayan ni Malsi. Saka inilabas ang putol upang hingin ang pahintulot ng tagapayong ilabas ang pelikula sa *thesis defense*.

Nang ipakita ang pelikula kay Propesor Alfonso, inaprubahan naman ito bagaman may mungkahi sa pagbabago ng boses ng Itim na Hubog at sa muling pagkukulay sa ilang madilim na eksena.

Ang mungkahi sa pagbabago ng boses ay naimungkahi na rin nina Figuerres at Palomares. Kaya't kasama si Figuerres sa natatanging sesyong inupuan ng direktor sa pagdidisenyo ng tunog upang hanapi ang akmang baba, lakas, at alingawngaw na ilalagay sa boses ng Itim na Hubog.

Bumalik naman sa Outpost ang direktor upang kumuha ng nirebisang bersiyon ng kinulayang footage. Muli itong tinahi ng direktor. Nilapatan ng subtitle at credits ni Figuerres ang pelikula.

Unang inilabas ang pelikula sa *thesis defense* ng UP Film Institute sa Cine Adarna, hapon ng 9 Abril 2013.

# Mga Call Sheet

**Day 1**

Director/Writer: Giancarlo Abrahan 09178348325
D.P: Sasha Palomares 09175077970
A.Ds: Ilsa Malsi 09189594589
Roanne Aujero 09151163727
P.Ms: Melai Entuna 09165532147
Phy Grande 09178558283
P.D.: Whammy Alcazaren 0917-5992293

**MAY DINADALA**

**Call Time**
**4 AM**
(Unless otherwise noted)

Date: **Tuesday, Feb 19 13**
**Shoot Dav:** 1 Of 3
**Rehearse:** ☺ **Grind:** 6:00 A
**Sunrise:** 6:18 A **Sunset:** 6:02 P
**Weather:** Chance of Rain 29° C

**Please proceed to breakfast and/or makeup at call.**
We are shooting with one unit for the entire day.

| | Cast | Role | Status | Pick-Up | MU Call | Rehearse | Set Call | Remarks |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. | GARRY LIM | Joy | W | - | | | 07:30A | |
| 2. | ULEB NIETO | Elena | W | - | | | 06:00A | |
| 3. | ZENAIDA LOYOLA | Minda | W | Y | - | - | 06:00A | |
| 4. | DOLLY GUTIERREZ | Tindera | W | Y | - | - | 01:00P | |

**SECONDARY CAST and ATMOSPHERE**

5. mga binata sa bukal (4-6)
6. mga tao sa palengke (10)

**(M) Minor** **Total Secondary Cast:** **Total Atmosphere: 16**

**Schedule**

| TIME ALLOTMENT | SEQUENCE # | D/N - LOCATION | CAST | SCENE DESCRIPTION | LOGISTICAL NOTES |
|---|---|---|---|---|---|
| 4am | BREAKFAST/MU ETC. | | | | Breakfast, Company call, make-up and wardrobe for talents |
| 5am-6am | TRAVEL and SET-UP | | | | travel to BAHAY location, set-up of sets |
| 6am-7:00 | 10 | D - I - PAPAG area | 2, 3 | Minda berates Elena for putting up with Joy as the older woman picks at Elena's head for lice. | |
| 7:00-7:30 | 4 | D - I - KUSINA | 2 | Elena prepares lunch. | |
| 7:30-9:00 | 7 | D - I - HAPAG | 1, 2 | Joy comes home to eat. He and Elena argue. | |
| 9:00-9:30 | TRAVEL | | | | travel to BUKAL location |
| 9:30-11:30 | 8 | D – E - BUKAL | 1, 5 | Joy watches a group of young men swim in the river. | |
| 9:30-11:30 | 11 | D – E - BUKAL | 1 | Joy emerges from the river, flowers trailing him magically. | With allowance for flower prop re-set |
| 11:30-12:30pm | LUNCH | | | | |
| 1:00-2pm | 6 | D - E - PALENGKE | 1, 4, 6 | | |
| 2:30-4pm | 12 | N - I - HAPAG | 1, 2 | Elena is having dinner alone. Joy comes in wet from having been in the river. He and Elena fight. | Multiple re-sets for wet clothes |
| 4-6pm | PROSTHETICS18/16 | N – I – KUSINA; N - I – PAPAG; | 2, 1 - OS | Elena gets oil from the kitchen; Elena cringes as she hears Joy's howls of pain. | PROSTHETICS for WINGS |
| 6-7pm | DINNER | | | | |
| 7:00-8:30 | 20 | N/DAWN - I - PAPAG | 1, 2 | Confrontation about what has happened. | Possible re-sets for prosthetics |
| 8:30-10:00pm | 19 | N/DAWN - I - KWARTO | 1 | Joy lies face down on the bed; we see his wings. He gets up and goes outside. | |
| 10:00-10:30pm | PACK-UP and TRAVEL | | | | |

1st Unit Call Sheet Local Crew: **4:00 AM** **May Dinadala** Date: **Tuesday, Feb 19 13**

**Day 2**

# MAY DINADALA

Director/Writer: Giancarlo Abrahan 09178348325
D.P: Sasha Palomares 09175077970
A.Ds: Ilsa Malsi 09189594589
Roanne Aujero 09151163727
P.Ms: Melai Entuna 09165532147
Phy Grande 09178558283
P.D.: Whammy Alcazaren 0917-5992293

**Call Time**
**4 AM**
(Unless otherwise noted)

Date: **Wednesday, Feb 20 13**
Shoot Day: 2 Of 3
Rehearse: ☺ Grind: 6:00 A
Sunrise: 6:18 A Sunset: 6:02 P
Weather: Chance of Rain 28° C

**Please proceed to breakfast and/or makeup at call.**
We are shooting with one unit for the entire day.

| | Cast | Role | Status | Pick-Up | MU Call | Rehearse | Set Call | Remarks |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. | GARRY LIM | Joy | W | - | | | 07:30A | |
| 2. | DAX ALEJANDRO | Hubog | W | - | 2:00A | | 06:00A | |
| 3. | ULEB NIETO | Elena | W | - | 7:00P | - | 07:30P | |
| 4. | BANTAY | Bantay | W | - | | - | 09:30A | |

**Schedule**

| TIME ALLOTMENT | SEQUENCE # | D/N - LOCATION | CAST | SCENE DESCRIPTION | LOGISTICAL NOTES |
|---|---|---|---|---|---|
| 2am | PROSTHETICS | | 2 | | PROSTHETICS for HUBOG |
| 4am | BREAKFAST | | | | Breakfast, Company call, make-up and wardrobe for talents |
| 5am-6am | TRAVEL and SET-UP | | | | Make up and wardrobe for talents, travel to LIMESTONE HILL location |
| 6am-8:30 | 1 | D - LIMESTONE HILL | 1, 2 | Joy is at the site of the limestone hill; he is drinking. The hubog comes out to supply him with limestone. They talk. | May be interchanged with 22 |
| 6am-8:30 | 21 | N/D - LIMESTONE HILL | 2 | The hubog wanders around the limestone hill. | Movable/ may be used as travel time or buffer |
| 8:30-9:00 | TRAVEL | | | | TRAVEL AND SET-UP to IMBAKAN |
| 9:30-10:45 | 2 | D - IMBAKAN | 1, 4 | Joy presents his take to the bantay | |
| 10:45-12:00 | LUNCH and PACK-UP | | | | LUNCH and PACK-UP |
| 12:00-1pm | TRAVEL | | | | TRAVEL TO GUBAT LOCATION and SET-UP |
| 1 to 5pm | 3 | D - GUBAT | 1, 2 | Clandestine meeting between the two | |
| 1 to 5pm | 5 | D - GUBAT | 1, 2 | Clandestine meeting between the two | |
| 1 to 5pm | 13 | N - GUBAT | 1, 2 | Hubog comforts Joy who is crying. Hubog asks Joy to follow him and not to look back. Joy looks back and the hubog disappears. | |
| 5:00-6:00 | PACK-UP and TRAVEL | | | | PACK UP and TRAVEL to BAHAY location |
| 6:00-7:00 | DINNER | | | | Dinner |
| 7:00-7:30 | SET-UP | | | | Set-up |
| 7:30-9:00 | 15 | N - I - KWARTO | 1, 3 | Elena is sleeping. Joy demands a massage from her. She complies out of fear. | |
| 9:00-10:00 | 17 | N - I - KWARTO | 1, 3 | Elena massages Joy. | |
| 10:00-10:30 | PACK-UP and TRAVEL | | | | PACK UP and TRAVEL |

1st Unit Call Sheet Local Crew: **4:00 AM** **May Dinadala** Date: **Wednesday, Feb 20 13**

**Day 3**

# MAY DINADALA

| | |
|---|---|
| Director/Writer: | Giancarlo Abrahan 09178348325 |
| D.P: | Sasha Palomares 09175077970 |
| A.Ds: | Ilsa Malsi 09189594589<br>Roanne Aujero 09151163727 |
| P.Ms: | Melai Entuna 09165532147<br>Phy Grande 09178558283 |
| P.D.: | Whammy Alcazaren 0917-5992293 |

**Call Time**
**5 AM**
(Unless otherwise noted)

Date: **Thursday, Feb 21 13**

**Shoot Day:** 3 Of 3

**Rehearse:** ☺ **Grind:** 6:00 A

**Sunrise:** 6:17 A **Sunset:** 6:02 P

**Weather:** Chance of Rain 30° C

**Please proceed to breakfast and/or makeup at call.**
**We are shooting with two units in the afternoon.**

| | Cast | Role | Status | Pick-Up | MU Call | Rehearse | Set Call | Remarks |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. | GARRY LIM | Joy | W | - | | | 08:00A | |
| 2. | DAX ALEJANDRO | Hubog | W | - | | | 08:00A | |
| 3. | ULEB NIETO | Elena | W | - | | | 02:00P | |

**SECONDARY CAST and ATMOSPHERE**

| | |
|---|---|
| 4. mga binata sa bukal (4-6) | 6. mga babae (10-15) |
| 5. children's marching band (20) | |

**(M) Minor** **Total Secondary Cast:** **Total Atmosphere: 41**

| TIME ALLOTMENT | SEQUENCE # | D/N - LOCATION | CHARACTERS | SCENE DESCRIPTION | STORY NOTES |
|---|---|---|---|---|---|
| 5:00-6:00 am | BREAKFAST | | | | |
| 6:00-7:30 am | TRAVEL | | | | |
| 7:30-8:00 | SET-UP | | | | |
| 8:00-10:00 | 9 | D - DAGAT | Joy, Hubog | Joy emerges from the sea. The hubog appears and gives Joy flowers. | Match action/cut from Joy swimming in the river. (seq. 8) |
| 10:30-12:00 | TRAVEL | | | | |
| 12:00-1:00 | LUNCH at pension house | | | | |
| 1:00-2:00 | SET-UP | | | | |
| 2:00-5:30 | 22 | N - TULAY | Joy, Elena, Hubog, mga binata, children's marching band, women | Marching band procession where the Hubog hides from Joy who is walking in circles, Elena is giving birth while women attend to her, and the young men walk like dunces. | |
| 5:30-6:00 pm | PACK-UP | | | | |
| 6:00-6:30 | TRAVEL | | | | |
| 6:30-7:30 | DINNER | | | | |
| 7:30-8:00 | PACK-UP | | | | |

**2nd Unit Director**
Roanne Aujero
09151163727

Local Crew: **5:00 AM**

**May Dinadala**

Date: **Thursday, Feb 21 13**

**Budget**

| TALENT FEES | D1 | D2 | D3 | TOTAL |
|---|---|---|---|---|
| Garry Lim (Lead) | 7,000 | 7,000 | 7,000 | 21,000 |
| Uleb Nieto (Supporting) | 10,000 | | | 10,000 |
| Dax Alejandro (Supporting) | 10,000 | | | 10,000 |
| Zenny Sevilla (Minor) | 4,000 | | | 4,000 |
| Amihan Ruiz (Minor) | 2,000 | | | 2,000 |
| Dolly Dolores (Severance Pay) | | 1,000 | | 1,000 |

PRODUCTION DESIGN

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Prosthetics Downpayment | | 20,000 | | 20,000 |
| Prothetics Second Installment | | 10,000 | | 10,000 |
| Prosthetics Final Payment | | 10,000 | | 10,000 |
| PD Materials (c/o Whammy) | | 6,000 | | 6,000 |
| Payment: Delfin (Setman) | | 4,000 | | 4,000 |
| Prosthetics Materials (02/18) | | 802 | | 802 |
| PD Materials (Hazel, 02/18) | | 146 | | 146 |
| Seamstress (02/18) | | 200 | | 200 |
| Jeepney prop (bridge scene, 02/21) | | 300 | | 300 |
| PD Material (Melai, 02/18) | | 285 | | 285 |

LIGHTING DEPARTMENT

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Rental: Sir Nap | 5,000 | | | 5,000 |
| Rental: Point Bee (lenses) | 1,000 | 1,000 | 1,000 | 3,000 |
| Payment: Alejandro Paras | 6,000 | | | 6,000 |
| Payment: Jordan Arabejo | 7,000 | | | 7,000 |
| Lighting Supplies | 1,247 | | | 1,247 |

SOUND DEPARTMENT

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Sound Recording | 7,500 | 7,500 | 7,500 | 22,500 |
| Sound Design | | | | 5,000 |

POST PRODUCTION

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Color Grading | | 15,000 | | 10,000 |
| Projection | | 10,000 | | 10,000 |

TRANSPORTATION

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Airfare (Round Trip) | 20 people | 115,000 | | 115,000 |
| Van 1 | 3,000 | 3,000 | 3,000 | 9,000 |
| Van 2 | 3,000 | 3,000 | 3,000 | 9,000 |
| Van 3 | 3,000 | 3,000 | 3,000 | 9,000 |
| Airport service (Manila 02/18,22) | | 4,400 | | 4,400 |
| Airport service (Tagbilaran 02/18) | | 4,500 | | 4,500 |
| Airport service (Tagbilaran 02/22) | | 4,000 | | 4,000 |
| Excess Baggage | | 2,400 | | 2,400 |

FOOD

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Shoot meals | | | | 10,000 |
| Snacks | | | | 2,210 |
| Airport Lunch (2/18) | | | | 686 |
| Lunch (2/18 Joseph, Bayol, Melai) | | | | 155 |
| Water | | | | 200 |
| Tip: Jingle Varquez | | | | 200 |
| Food during Actor's Workshop | | | | 474 |

LOCATION

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Logarita, Bilar (Forest) | | | | 3,000 |
| Honorarium: Aling Nene (Mercado) | | | | 500 |

MISCELLANEOUS

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Drives etc. | | | | 17, 368.00 |
| Groceries | | | | 5,713.00 |
| PM communication allowance | | | | 1,000 |
| Park & Fly: Dru | | | | 1,600 |
| Park & Fly: Garry Lim | | | | 1,600 |
| Gas (Service for Sir Nap's equipment) | | | | 500 |
| Delfin Reimbursement | | | | 180 |

| | |
|---|---|
| ACCOMODATION | 24, 300 |

TOTAL 379,098

KABANATA V. DULANG PAMPELIKULA

# May Dinadala

By

Giancarlo Abrahan

Giancarlo Abrahan
0917 834 8325
glcabrahan.v@gmail.com

SEQ 1. EXT. APOG NA BUROL. DAY 1

Naglalakad paakyat ng isang puting bungtod si JOY, isang lalaking 40 taong gulang. May dala-dala siyang isang maliit na bote ng bilog. Pagdating sa bandang ituktok, titigil siya at dahan-dahang lalapit sa gilid ng dalisdis. Nakatitig siya sa lupain sa baba. Maya-maya ay uupo siya at bubuntong-hininga. Bubuksan ni Joy ang bote ng bilog at lalagok ng kaunting hinyebra.

Papalapit sa kaniya ang isang ITIM NA HUBOG. May dala-dalang ilang sakong puno ng apog ang Hubog. Bago pa tuluyang makalapit kay Joy, ibaba ng Hubog ang mga sako.

JOY
Kaya ko pa namang lutuin iyang mga bato nang sarili ko--

HUBOG
Joy!

JOY
--Hindi mo naman kailangang gawin ito para sa akin. Sa ginagawa mong iyan, pakiramdam ko inutil ako.

HUBOG
Para namang hindi ka natuwang makita ako.

JOY
Hindi, hindi. Salamat talaga. Natutuwa naman akong tinutulungan mo ako. Ano ka ba? Hindi na ako masyadong nagpapawis. Mahirap lang din kasing masanay.

HUBOG
Hindi ba sinabi kong di mo namang talaga kailangang gawin pa ito? Pinahihirapan mo lang ang sarili mo.

JOY
Hayan ka na naman. Paulit-ulit na lang ba tayo rito? Mahirap nang mapagtsismisan. Mamaya, kung anu-ano pa ang isipin nilang pinagkakakuwartahan ko.

HUBOG
Hindi ko naman talaga maintindihan kung bakit ang laki ng pakialam mo sa iniisip nila.

JOY
Natatakot lang ako.

HUBOG
Ngayon, natatakot ka? Kahit sa tabi ko?

Lilingon si Joy upang tingnan ang Hubog. Sisimangot siya sa takot at tatango.

JOY
Lalo na ngayon. Alam mo naman ang lagay ni Elena.

Tatalikod ang Hubog at maglalakad palayo.

Muling lalagok ng hinyebra si Joy.

SEQ 2. INT. IMBAKAN NG APOG. DAY 2

Sa bungad ng imbakan, may lamesang gawa sa marupok na kahoy at ilang mga kahon ng papel sa isang tabi.

Nagsisigarilyo ang BANTAY, lalaking 50-taon, habang nakaipit sa kilikili ang isang record book. Kinikilatis niya nang paisa-isa ang mga puting bato.

BANTAY
Bilib talaga ako sa iyo, Joy! Walang mintis. Magandang klase lagi ang dala mo, a.

JOY
Hindi ko nga alam kung bakit mo pa iniisa-isa, e.

BANTAY
Naninigurado lang! Ako pang makakaltasan kapag hilaw ang batong bilhin sa iyo.

Pero sige, dahil malakas ka sa akin. Ilagay mo na iyan sa timbangan.

Ilalagay ni Joy ang mga sako ng apog sa timbangan. Ililista ng bantay ang kaniyang basa sa timbang ng mga bato.

Itatambak ni Joy ang mga sako ng apog sa loob ng imbakan.

BANTAY (cont'd)
Kayod ka talaga ngayong magiging tatay ka na, a. Ang dami mong nadala!

Maglalakad si Joy pagkalapag ng mga sako. Ilalabas mula sa kaniyang likurang bulsa ang bote ng hinyebra at lalagok nang kaunti.

JOY
Oo nga, e. Alam mo ba, parang mas mahirap pa yata mag-alaga ng buntis kaysa bata.

Tatawa si Joy at ang bantay. Muling lalagok si Joy mula sa bote ng bilog.

BANTAY
Naku! Bawas-bawasan mo na iyang inom, pare. Para na rin sa magiging anak mo.

JOY
Kung kailan may dagdag na problema, magbabawas pa ba ako ng inom?

Tatawa ang dalawa.

SEQ 3. EXT. GUBAT. DAY 3

Naglalakad sa gubat si Joy, may hinahanap at balisa. Paikot-ikot siya at pabaling-baling ang tingin.

JOY
Magpakita ka naman. Magpakita ka naman!

Muling maglalakad si Joy at lilingon-lingon.

JOY (cont'd)
Hoy. Hindi ako natatakot. Totoo!

Titigil si Joy at ilalagay ang kaniyang mukha sa kaniyang mga palad.

Sa likod niya, mula sa isang puno ay lalabas ang Itim na Hubog.

HUBOG
Ano?

Lilingon sa likod si Joy at kakamutin ang mata.

JOY
Sabi ko, hindi ako natatakot. Huwag kang magtampo.

HUBOG
Sino bang hindi natatakot sa akin? Siguro ang totoo, gaya ka lang nilang lahat.

JOY
Ano iyang pinagsasabi mo?

HUBOG
Tumingin ka sa akin. Titigan mo ako at saka mo sabihing hindi ka natatakot.

Malambing na tititigan ni Joy ang hubog.

JOY
Hindi ako natatakot--

--Lalo't nariyan ka.

HUBOG
Ganiyan lang. Huwag mong aalisin ang tingin mo sa akin.

Nakangiting nakatitig lamang si Joy sa Hubog.

SEQ 4. INT. KUSINA. DAY 4

Naghahanda ng adobong manok pampananghalian si ELENA, babaeng 25-taon at buntis.

SEQ 5. EXT. GUBAT. DAY 5

Nakatitig si Joy sa Hubog.

JOY
Uuwi muna ako.

HUBOG
Pumunta ka nga dito, aalis ka rin naman pala.

JOY
Ikaw naman! Bakit, ako ba pinupuntahan mo?

HUBOG
Ano ang gusto mong mangyari?
Takutin ko ang asawa mo?

JOY
Grabe ka! Baka malaglag--

HUBOG
O sige na nga, sige na. Alis, alis.
Umalis ka na.

JOY
Ligo tayo mamaya sa ilog.

HUBOG
Sige, sige, sige.

JOY
Totoo ba iyan?

HUBOG
Oo nga!
Umalis ka na.

Lilingon si Joy at maglalakad palayo at lalagok sa mula sa kaniyang bilog.

SEQ 6. EXT. PALENGKE. DAY 6

Isang TINDERA ng prutas, 40, ang naninigarilyo habang nagbibilang ng pera. May ilang binatang lumalapit upang kilatisin ang kaniyang mga prutas na titingnan niya nang masama.

May makikita mula sa malayo ang tindera. Kakaway siya.

Lalapit sa tindahan si Joy na pasuray-suray.

TINDERA
Joy! Naku, halika. Pili ka na rito.

Para kay Elena, o. Sigurado ako
magugustuhan niya ito.

JOY
Ikaw talaga, day! Gusto mo lang
makauwi nang maaga, pagkakakitahan
mo na naman ako!

TINDERA
E ano pa nga ba?

Tatawa ang dalawa.

TINDERA (cont'd)
Pero huwag kang ganyan, hoy! Naisip ko lang naman iyong asawa mo. Ito talaga!

Ito. Itong singkamas nakakaputi. Hay naku, maniwala ka. Nakita mo na ba iyong anak ni Alma at Ondoy? Iisipin mo talagang ampon!

Tapos iyang bayabas, nakaka-bright daw iyan. Ewan ko lang sa iyo, ha. Pero Diyos ko, sinasabi ko talaga. Bumili ka sa akin.

JOY
E tumataba na nga, pakakainin ko pa nang marami. Ikaw, ha!

TINDERA
Buntis kasi iyon. Baliw ka!

JOY
O sige, sige. Magkano ba kung isang kilo niyang singkamas saka isang kilo ng bayabas?

Titimbangin at isusupot ng tindera ang mga prutas.

TINDERA
40 plus 50. 90. Sige, 80 na lang sa iyo lahat na!

JOY
Dagdagan mo na rin ng isang kilong mangga, ha!

TINDERA
Hayan ang gusto ko sa iyo, e! Sige, 130 na lang.

Baka may gusto ka pa?

JOY
Sumusobra ka na ha!

Iaabot ni Joy ang bayad sa tindera. Iaabot ng tindera ang mga supot kay Joy.

TINDERA
Naku e, di masayang-masaya si Elena niyan!

JOY
Mukhang mas masaya ka, e!

Saka ako naman kakain nitong lahat, e.

Maglalakad si Joy palayo sa tindahan.

TINDERA
(pasigaw)
Bakit, ikaw ba ang naglilihi?

JOY
(pasigaw)
Ganoon na nga siguro!

SEQ 7. INT. HAPAG. DAY 7

Naghuhugas ng plato si Elena. Sa lamesa, nakahain ang isang plato ng kanin, isang plato ng adobo, at isang pares ng kubyertos na nakapatong sa platong nakataob.

Papasok si Joy at ilalapag ang mga prutas sa bilang dulo ng mesa.

Itataob niya ang plato at lalagyan ng pagkain.

Tititigan siya ni Elena na patuloy sa kaniyang pagsasabon sa isang tinidor.

Tahimik na kumakain lang si Joy.

ELENA
Tanghaling-tanghali, lasing ka na naman.

Idadabog ni Elena ang tinidor na hinuhugasan.

Magigitla ngunit tutuloy lamang sa pagkain si Joy.

Kukuha ng platong kukuskusin si Elena. Tumitindi at dumadahas ang kaniyang pagkuskos.

ELENA (cont'd)
Tatay ka na, ganyan ka pa rin.

Titingin na rin si Joy kay Elena.

JOY
Ikaw, nanay na--hindi ka pa rin natututong magluto nang masarap! Naku, ikaw hindi lang talaga ulo mo sira. Pati dila mo.

ELENA
E, napangasawa nga kita. Sira nga yata talaga ulo saka panlasa ko!

Iluluwa ni Joy ang kinakain niya.

JOY
Pwe!

Ibababa ni Elena ang kinukuskos na plato. Lalapit siya kay Joy nang may bula pa ang kamay at ililigpit ang lamesa.

ELENA
Demonyo! Nademonyo ka talaga. Kaya walang grasyang pumapasok sa bahay na ito.

Tatayo si Joy.

JOY
Ako demonyo? E kayo ng nanay mo ang may lahing aswang di ba? Ikaw, bruha ka! Magsama kayo ng putang ina mo. Lahi kayong aswang, mangkukulam.
Ano bang akala mo, walang tsismis na umabot sa akin? Lahat ng tao rito, sinasabi na sa akin iyon.

Ngingiyaw si Elena na parang halimaw.

ELENA
Rarr!

JOY
Hindi ako natatakot sa iyo. Putang ina mo! Di ako natatakot sa iyo.

Kukunin ni Joy ang mga supot ng prutas at lalabas ng bahay padabog.

SEQ 8. EXT. BUKAL. DAY 8

Nakaupo sa may lilim sa pampang si Joy nang mag-isa. Nagbabalat at nagsusubo ng prutas. Nakatingin siya sa tubig. Mapapansin niyang may ilang batang lumalangoy sa bukal.

Nagkukutyaan at nagtatawanan ang mga BINATA.

Nakahigang palutang-lutang ang mga bata.

Hihiga si Joy sa bukal at lulutang palabas patungong ilog.

Palutang-lutang nang nakatingin sa langit si Joy sa ilog.

Lulubog sa tubig si Joy.

SEQ 9. EXT. DAGAT. DAY 9

Aahon mula sa tubig ang nakahigang si Joy. Mumulat siya pagkaahon at matatanaw sa malayo ang ITIM NA HUBOG na nakatayo sa pampang. Ngingiti si Joy at tatakbo palapit sa Hubog.

May hawak na pulang bulaklak ang Hubog.

Ilang dipa ang layo sa Hubog ay titigil si Joy sa harap ng Hubog. Ibabato ng Hubog kay Joy ang bulaklak. Sasaluhin ni Joy ang bulaklak, aamuyin at malanding tititigan ang Hubog.

Nakahiga ang Hubog at si Joy sa dalampasigan. Pumapalo sa kanilang mga paa ang mga alon.

SEQ 10. INT. SALA. DAY 10

Kinukutuhan ni MINDA, 60, si Elena.

MINDA
Ang tigas-tigas talaga ng ulo mo! Hindi ka kasi nakikinig sa akin. Kung ako sa iyo, umuwi ka na sa atin.

ELENA
Huwag na ninyo ako sermunan. Para naman akong bata nito, e.

MINDA
Bakit mo pa kasi tinitiis ang tarantadong iyon? Alam mo namang ayaw sa iyo.

ELENA
E ano na lang sasabihin ng mga tao?

MINDA
E ano sa iyo ang sasabihin nila?

Naku, maulit pa iyan at kakainin ko talaga siya nang buhay, e! Ubusin ko lahi niya, tarantado siya.

ELENA
Hindi naman daw siya natatakot sa
iyo.

MINDA
Palibhasa halimaw din siya.

Matitigilan si Elena. Lalakas ang pagtiris ni Minda sa ulo ni Elena.

ELENA
A-a-a! Ano ang ibig ninyong
sabihin?

MINDA
Wala, wala--

--Basta simula ngayon, hindi mo na
pagsisilbihan iyang asawa mo. Ha?

Tahimik lamang si Elena habang patuloy siyang kinukutuhan.

SEQ 11. EXT. ILOG. DAY/NIGHT 11

Aahon sa ilog si Joy. Nakasunod sa kaniya ang kumpol ng mga pulang bulaklak na magsisilubugan.

SEQ 12. INT. HAPAG. NIGHT 12

Kumakain ng hapunan si Elena. Walang ibang nakahain sa lamesa maliban sa platong kinakainan ni Elena. Ampalaya ang hapunan niya.

Papasok ng bahay si Joy na basang-basa.

Tatayo si Elena at iaangat ang platong kinakainan.

JOY
Huwag kang mag-alala. Wala akong
balak kumain.

Uupo muli si Elena. Didiretso ng kuwarto si Joy.

ELENA
Binabasa mo ang sahig--

Susubo muli ng ampalaya at kaunting kanin si Elena.

ELENA (cont'd)
--Hindi ko pupunasan iyan!

JOY
(O.S.)
Wala naman akong pakialam.

Dumaan lang naman ako rito sa bahay
para magbihis.

Lalabas si Joy na punas-punas ang kaniyang basang buhok. Iba na ang suot niya.

Magsisindi ng sigarilyo si Elena.

JOY (cont'd)
Nababaliw ka na ba talaga? O hindi
talaga pumapasok sa utak mo na
hawak mo ang buhay ng anak mo
ngayon. Mag-isip ka naman.

ELENA
Wala ka nang ibang inisip kundi
itong bata? Wala pa nga, puro itong
bata na lang inisip mo.
Asawa mo ako. Ni minsan naisip mo
man lang ba ako, ha?

Susugod si Joy palapit kay Elena.

JOY
Kung hindi ka lang buntis--

ELENA
Ano? Ano? Kung hindi ako buntis,
ano? Sasaktan mo ako. Sige,
suntukin mo ako. Halimaw ka!
Papatol ka sa babae? Ha? Ha?

JOY
Kung hindi ka lang buntis, iniwan
na kita.

ELENA
Iwan mo na ako! Ano ba ang napala
ko sa pagbubuntis ko habang nariyan
ka?
Umalis ka na. Hindi mo nga ako
mapanindigan. Itong bata pa?
Umalis ka na!
Diyos ko, bakit ba ako kinasal sa
gaya mo?

Sa galit, lalakad palabas ng bahay si Joy.

SEQ 13. EXT. GUBAT. NIGHT 13

Naglalakad sa gubat si Joy. Sa gitna ay iiyak siya.

Lalapit kay Joy ang Itim na Hubog at hahawakan ang kaniyang balikat. Hahawakan ni Joy ang kamay ng Hubog.

HUBOG
Dito na lang tayo.

Iiling si Joy at yayakapin ang Hubog. Ilalapit ng Hubog ang kaniyang mukha sa labi ni Joy hanggang halikan ni Joy ang mukha ng Hubog.

Itutulak ni Joy nang bahagya nag Hubog.

JOY
Paano ang anak ko?

Lalakad ang Hubog palayo.

HUBOG
Sasama ka ba o hindi?

JOY
Pero--

HUBOG
Sundan mo lang ako.

Patuloy na maglalakad ang Hubog. Susunod si Joy.

Titigil si Joy. Mapapatigil din ang Hubog.

Bahagyang lilingon si Joy.

HUBOG (cont'd)
Wala ka nang ibang ginawa buong buhay mo kundi talikuran ang lahat ng mahalaga sa iyo.

JOY
May anak na ako. Hindi ako puwedeng umalis na lang.

HUBOG
Pati ba ako tatalikuran mo?

JOY
Hindi ba puwedeng makahuling silip man lang sa iiwan ko?

HUBOG
Paglingon mo, wala na ako.

Maglalakad muli ang Hubog. Susundan siya ni Joy.

Ngunit hindi mapipigil lumingon ni Joy.

Pagbaling niya sa Hubog ay mag-isa nang muli si Joy.

SOUND: Ungol ng mga aso.

SEQ 14. EXT. GUBAT. NIGHT 14

Gumagapang sa gitna ng gubat ang ilang binatang waring asong ulol. Walang kapaguran at paikot-ikot ang di mapakaling mga asong-bata.

Sabay-sabay silang uungol.

SEQ 15. INT. KUWARTO. NIGHT 15

Mahimbing na natutulog ang buntis na si Elena sa kama.

Padabog na papasok ng kuwarto si Joy. Marahas niyang gigisingin si Elena.

Yamot na babangon ang bagong gising na si Elena.

ELENA
Ano bang problema mo?

Huhubarin ni Joy ang kaniyang t-shirt at ibabato sa sahig. Pagkatapos ay dadapa siya sa kama habang paulit-ulit na tinatapik ang sariling likod.

ELENA (cont'd)
Kung maglalasing ka, huwag mo naman na akong idamay.

JOY
Tumahimik ka na nga at masakit ang likod ko.

ELENA
E, anong gusto mong gawin ko?

JOY
Tanga ka ba? Hilutin mo ang likod ko. Kailangan pa bang sinasabi pa sa iyo lahat?

Tatayo muli si Joy at hahatakin si Elena papunta sa kama.

ELENA
Joy, buntis ako! Wala akong tulog.
At wala na akong pakialam sa iyo.

JOY
Wala kang kuwenta? Wala kang
kuwenta?

Dadapa muli si Joy. Sa takot ay mapapaiyak si Elena.

JOY (cont'd)
Dali na. Pagod na pagod na ako!

Uupo si Elena sa ibabaw ni Joy habang umiiyak at hihilutin si Joy.

ELENA
Pagod na pagod na rin ako sa iyo.

JOY
Ganyan. Ang sarap! Sige pa, sige
pa.

Matapos ang ilan pang pagpisil at paghimas sa likod ni Joy ay sasapak-sapakin sa galit ni Elena ang likod.

JOY (cont'd)
Hayan! Aaa-- ang sarap. Hayan,
hayan, hayan!

Patuloy lang siya sa pagsapak hanggang magbago ang malungkot na mukha ni Elena at maging taimtim. Magiging himas at pagdiin sa laman muli ang kilos ni Elena.

Makakatulog si Joy.

Dahan-dahang tatayo at lalabas ng kuwarto si Elena.

SEQ 16. INT. KUSINA. NIGHT 16

Maglalakad patungong aparador si Elena. Doon ay kukuha siya ng isang garapong may puting langis.

Maglalakad si Elena pabalik ng kuwarto.

SEQ 17. INT. KUWARTO. NIGHT 17

Binubuksan ni Elena ang garapon ng langis habang nakaupos sa ibabaw ng tulog na Joy. Ibubuhos at ipapahid ni Elena ang langis sa buong likod ni Joy.

Umuungol sa kaniyang tulog si Joy.

ELENA
(pabulong at paulit-ulit)
Halimaw ka. Halimaw ka. Halimaw ka.

JOY
(umuungol)
O-o-o-oo-oo-ooo.
A-a-a-aa-aa-aaa.

SEQ 18. INT. SALA. NIGHT 18

SOUND (O.S.): Humihiyaw sa sakit si Joy.

Nakaupo si Elena sa sofa. Papikit-pikit at pailing-iling siya sa naririnig niyang hiyaw.

SEQ 19. INT. KUWARTO. DAY 19

Nakadapa si Joy sa kama. Mayroon na siyang pakpak ng manananggal.

Dahan-dahan siyang babangon at lalabas ng kuwarto.

SEQ 20. INT. SALA. DAY 20

Nakaupo sa sala si Elena. Lalabas ng pinto ang manananggal nang si Joy.

Magtititigan ang dalawa.

JOY
Paano ba tayo umabot dito?

ELENA
Bakit ba kasi hindi mo pa ako iwan?

Yuyuko si Joy.

ELENA (cont'd)
Hindi ba gusto mo nang umalis?
Umalis ka na!

Titingin si Joy kay Elena.

ELENA (cont'd)
(hawak ang tiyan)
Ito ba ang pumipigil sa iyo? Ito lang ang dahilan mo para hindi umalis? Ito ba?

O, kainin mo na. Kainin mo na.

SEQ 21. EXT. APOG NA BUROL. DAY/NIGHT 21

Paikot-ikot na naglalakad ang Itim na Hubog sa ibabaw ng burol.

SEQ 22. EXT. ILOG - TULAY. NIGHT 22

Isang awiting pangmartsa ang tugtog ng isang banda ng mga bata.

Paikut-ikot sa gitna ng tulay si Joy, waring may hinahanap. Palingon-lingon siya at paikot-ikot. Sa likod niya ay nakasunod ang Hubog na tinataguan ang tanaw ni Joy.

Mula sa isang dulo ng tulay, may prusisyon ng mga binatang tulalang naglalakad - nakatingala at nakanganga.

Nakasunod sa prusisyon ang isang karong sinasakyan ni Elenang nanganganak. Habang umiire siya ay may mga babaeng pinupunasan at hinahalikan ang paa, kamay, at noo ni Elena.

Sa kabilang dulo, hatak-hatak ko ang isang dyip. Waring sasalubungin ko ang prusisyon.

AKO
(V.O.)
Kaya kong tawirin ang anumang tulay. Matatawid ko ang lahat ng tulay. I can cross any bridge. I can cross any bridge. I can cross any bridge...

# VI. MGA SCREENCAP






Look at me


Oh, is your head really that loose?
Didn't I marry you?
Demon! You're possessed
That's why nothing good ever enters this house


Rot in hell with your mother!
You think no one told me?
I am not afraid of you.




You're so stubborn
If I were you, I'd go back to our home
You're making me look like a child
But he says he's not afraid of you
That's because he's also a monster



You're getting the floor wet
I'm just changing my clothes


If you weren't pregnant--
If you weren't pregnant, I'd leave you.
If you weren't pregnant, I'd leave you.
Then leave me.
What do I even get from you when you're here? What?


Stay with me here


Can't I-
I'll be gone
What's your problem?


Joy! What are you doing?


Why don't you just leave me?


Eat it.
sa panulat at direksiyon ni
GIANCARLO LAURO C. ABRAHAN V
Katuwang sa Sinematograpo
JORDAN ARABEJO
Katuwang sa Pag-ilaw
ALEJANDRO PARAS
Set Man
DELFIN MANDIA
Katuwang sa Prostetika
BING ADIGUE
JENNY SAMIANA
Retratista
JOSEPH PASCUAL
mga Katuwang sa Produksiyon
CARMEN BIGCAS
ESTERLINA CURAPAO
FELIFE LOR
JENNIFER AUXTERO
JUEMAR ABATAYO
Transportasyon
ANDY LISMIS
NECITO VARQUEZ
NILO AGAN
SAM VARQUEZ
Fakulti ng U.P. Film Institute
PROF. ROEHL L. JAMON, Direktor
DR. GRACE JAVIER ALFONSO, Gurong Patnubay
PROF. YASON B. BANAL
PROF. PATRICK F. CAMPOS
PROF. LIBAY L. CANTOR
PROF. ANNE MARIE G. DE GUZMAN
PROF. SHIRLEY PALILEO-EVIDENTE
PROF. JOSE C. GUTIERREZ III
PROF. EDUARDO J. LEJANO, JR.
DR. ARMINDA V. SANTIAGO
DR. NICANOR G. TIONGSON
DR. ROLANDO B. TOLENTINO
mga Kawani ng U.P. Film Institute
NAPOLEON U. ANGAT
DOLORES A. BASILAN
RICARDO M. BERNARDO
MANUEL A. CORTEZ, JR.
VIRGINIA D. CUYUGAN
ROBERTO C. DAMASCO
ORLANDO G. DE LOS REYES
UP CAST

KABANATA VII.   KOMENTARYO AT KRITISISMO NG FAKULTI

Matapos unang ipalabas sa publiko ang May Dinadala sa UP Film Institute Cine Adarna noong 9 Abril 2013, ipinagtanggol ng direktor itong kaniyang produksiyong tesis sa fakulti. Isang engrandeng karanasan ang mapanood ang sariling pelikula sa malaking iskrin sa unang pagkakataon; at tigib sa ligaya ang direktor sa buong panahon ng pagpapalabas. Nanginginig ang boses ng direktor nang humarap siya sa lahat upang ipakilala ang pelikula.

Unang nagsalita si Propesor Lejano at tinawag ang pelikulang "dark and perverse vision of queer" sapagkat ipinaghahalo ang libog at lunggati sa nakatatakot na ideya ng aswang. Ikinatuwa ng direktor ang ginawang paghahambing sa pelikula at sa *Brokeback Mountain*, na malaking impluwensiya ng direktor at ng pelikula at mahalagang salik ng proyektong ito. Ihinambing din ang estilo sa estilo ni Apichatpong Weerasethakul na isa sa mga direktor na iniidolo ng direktor. Pinuna lamang ni Propesor Lejano ang matinding pagpapahirap sa mga tauhan ng pelikula. Tila walang pakundangan daw ang pagpapasakit na ginawa ng direktor sa mga tauhang kaniyang nilikha at marahil makatutulong kung lumihis sa ganitong atake.

Si Propesor Cantor naman ang ikalawang nagsalita na binati ang direktor sa tagumpay ng pelikula lalo na sa paglalahad na kakikitahan ng impluwensiya ng pagiging makata sa pelikula, lalo na sa matulaing katangian ng wika. Tinukoy niya ang pelikula bilang isang sensitibong paglapit sa isang "highly imaginative material" habang mainam na gumagana ang iba't ibang elemento. Napakahalaga sa direktor ang komentaryo ni Propesor Cantor sapagkat nais niyang mapansin ang pagbaling sa tula bilang batis ng kaniyang paglikha at ng kaniyang ideya ng kagandahan.

Ikatlong nagsalita si Propesor Banal na binati ang direktor para sa mahusay na paglalapat ng biswal sa naratibo na waring likhang ipininta. Tinawag din niya itong mahusay na pelikulang queer at marahil karugtong ng *Tropical Malady* na isa ring inspirasyon at mahalagang salik ng proyekto. Binanggit ni Propesor Banal ang napakahalagang papel ng pambalanang kultura at teksto sa pelikula. Ngunit tinanong niya kung ano ang bisang ibig sabihin ng direktor sa paglalarawan niya ng aswang—kung isang imahen ng katakawan at kasakiman ang aswang sa pelikula. Hinanap din Propesor Banal ang elemento ng katatawanang madalas mababakas sa dating likha ng direktor.

Nagsalita ang direktor sa puntong ito upang tugunan ang kaniyang pananaw sa kaniyang pagbuo sa imahen ng aswang. Binanggit ng direktor ang halaga ng pagdurusa, na pinunang labis ni Propesor Lejano, bilang lungsaran ng paglayang dinaranas ng tauhang naging aswang sa pelikula. Isang imahen ng paglaya ang pakpak ng aswang na ibinigay sa tauhan sa pelikula.

Malalim sa Asyanong kamalayan ang halaga ng pagdurusa sa pagdalumat ng saysay ng buhay. Isang natural na katotohanan ng buhay ang paghihirap na kailangang igpawan upang magkaroon ng espirituwal na pag-unlad ang isang tao. Ipinapalagay sa pelikula na sapagkat matindi ng pagdurusang dinanas ng mga tauhan ay dakila rin ang pag-unlad na pinagdaanan ng mga tao—kalayaan. Walang kalayaang hindi masakit; walang pagbabagong hindi dumadaan sa karahasan ng pagyanig sa lumang estado.

Tumugon din ang direktor sa paghahanap ni Propesor Banal ng katatawanan sa loob ng pelikula. Ipinahayag ng direktor na ang mismong sitwasyon ng naratibo ay isang pagdalisay sa katawa-tawang mga pelikula ng mga nakaraang taon na tumatalakay sa

karanasan ng mga babaeng kabit ng mga lalaking may-asawa. Isang pag-alingawngaw sa matalim subalit nakatatawang mga linya ng mga pelikula tungkol sa mga kerida. Isiningit din ang ilang linyang madalas kakikilabutan sa mga eksenang lambingan at hiwalayan sa mga pelikulang romansa. Samantalang pinagtatawanan ang mga linya sa mga nasabing lumaganap na pelikula, pinaglaruan ng direktor ang katatawanan dito bilang isang reaksyong hindi madaling gawin at puno ng pag-aalangan.

Muling nagsalita si Propesor Banal at ipinalagay na ang misteryo ng pelikula na nagdulot sa kaniyang magtaka at mag-alangan sa ibig sabihin, marahil, ay isang indikasyon ng husay ng bisa ng pelikula. Pinahalagahan niya ang panunukso ng pelikulang higit na pag-isipan ang halagahang inilalahad nito. Bukod sa mga nabanggit, itinala rin ni Prop. Banal bilang kahinaan ang soap-operatikong pag-arte, at ang waring ipinilit na paglalapat ng musika.

Sumunod na nagsalita si Propesor Santiago na binati ang direktor sapagkat maganda ang biswal na pag-iimahen sa pelikula, lalo na sa rikit ng napakalaking mga pakpak ng aswang. Tinukoy niyang pinamalakas na katangian ng pelikula ang kontribusyon ng proyekto sa diskurso ng aswang. Ayon kay Propesor Santiago, nagbigay ng bagong dimensiyon sa konstruksiyon ng aswang ang pelikula. Marahil kapansin-pansing hindi takot kundi mangha ang naidulot na bisa ng aswang imbes na takot. Sa ganang sarili ng direktor, marka ito ng tagumpay sa rebisyong ipinapanukala hinggil sa aswang.

Pinuri naman ni Bb. Dalena ang mahusay na pagganap ng mga artista sa pelikula. Pinansin Bb. Dalena ang husay at pagiging bago ng kuwentong kababakasan ng

mitolohiyang pambalana. Bukod dito'y namangha siya sa magagandang paisahen ginawang lokasyon ng pelikula na mainam namang natumbasan ng mahusay na gamit ng kamera.

Binasa ni Propesor Gutierrez bilang isang kuwento ng pag-ibig ang pelikula. Tinukoy niya ang husay ng pelikula sa pagkasangkapan sa Itim na Hubog. Itinala rin niyang ang pelikula ay "beautifully complex."

Itinala naman ni Propesor Evidente bilang galing ng pelikula ang mahusay nitong "visual articulation of the narrative with strong choices for alternative presentation of the materials."

Sa panuri naman ni Propesor Tolentino, kapansin-pansin ang husay sa pagpapadaloy ng mga transisyon sa pelikula at ang pagtatanghal ng aksyon sa pelikula. Binanggit din niya bilang galing ng pelikula ang pagsasanib nito sa mahiwagang genre sa melodrama subalit kapansin-pansin ang pagkakahawig sa isa pang pelikula ni Apichatpong na *Uncle Boonmee* (2010). Binanggit din niya bilang galing ang "queer angling of this phantamagorical tale" nang may lirisismo sa relasyong queer ng aswang.

Subalit pinuna niya ang imahen ng "stereotypical female spouse as nagging (and) insensitive." Hindi raw ito mainam na pagsasalarawan sa isang uring sa kasaysayan ay inapi at isinadlak sa laylayan. Gayumpaman, winakasan niya ang komentaryo sa pagkausap sa direktor at pagwiwikang maipagyayabang ng Institute ang pelikula.

Lubos na ikinagalak ng direktor ang pagtanggap sa pelikula at sa pagtukoy hindi lamang sa mga kapuri-puring aspekto ng pelikula kundi sa kontribusyon nito sa makabagong diskurso at pagdalumat.

Bagaman inasahan ng direktor ang tanong hinggil sa representasyon ng babae sa pelikula, hindi ito natugunan ng direktor sa kaniyang pagtatanggol. Naniniwala ang direktor na bagaman maituturing na bida at lunan ng pagbabanyuhay lalo na sa aspektong biswal ang lalaki sa pelikula, may trasformasyon at pagbabago ring pinagdaanan ang kaniyang asawa. Ipinagtumbas ang tunog ng pagdurusa sa pagbabanyuhay ng pangunahing tauhan at ang biswal ng tahimik na pag-iyak ng kaniyang asawa. At sa muling paglabas ng pangunahing tauhan bilang aswang, muli ring lumabas ang asawa na kababakasan ng linaw at payapa sa mukha sa huli nilang pag-uusap. Kabaligtaran ito ng naunang representasyon sa asawa sa pelikula na laging galit at sumisigaw, marahas na nagmamasahe o umiiyak.

May tangkang pagbasag at rebisyon din sa paglalarawan ng babae sa pelikula ang proyekto. Narito ang isang babaeng hindi halimaw; lalaki ang ginawang aswang. Ngunit hindi rin siya inosenteng biktima. Mula sa paghahain ng pagkain sa unang bahagi ng pelikula, isang desisyon sa kapalaran ng sariling katawan ang literal na inihain ng babae sa dulo.

Sumasang-ayon ang direktor na sa maaaring basahing isang kontrabida ang babae sa semiyotikong lente lalo na't sa lalaki nagsisimula ang pelikula at sa paghihirap din ng lalaki nakatuon ang kuwento. Ngunit ibinigay sa babae ang huling salita. Bukod sa pambungad na linya sa huling eksena, hindi na maririnig ang tinig ang lalaki.

Sa huli'y ipinapalagay ng direktor na napagtagumpayan niya ang rebisyon ng imahen ng aswang at engkanto. Naniniwala rin ang direktor na nabigyan niya ng queer at bagong imahen ang paglaya samantalang pinatibay ang tinig ng babae.

# VIII. MGA PAHIWATIG AT MUNGKAHI

Hinihikayat ng direktor ang mas masusi pang pagsipat at diskurso sa iba't ibang pampelikulang genre lalo na sa nagbabagong dalumat ng nagbabagong panahon. Marahil sa mga lunan ng pagbabanggaan ng mga genre matatagpuan ang kabaguhang hinahanap sa mga bagong pelikula. Puno ng kontradiksyon ang kamalayang Filipino at kailangang masalamin ng kontemporanyong teksto ang mga kontradiksyon at tunggaliang ito.

Tinangka sa proyektong itong pagsanibin ang mahiwaga, horror, at melodrama. May lunggating masalamin sa proyektong ito ang isang siyokoy na kamalayang Filipino.

Ang pagbanggit ni Propesor Gutierrez sa pelikula bilang isang naratibo ng pag-ibig ay isang mahalagang komentaryo sa iba pang posibilidad ng iba pang pagsasanib. Isang makabagong paningin sa pag-ibig at romansa ang maaaring buksan sa pamamagitan ng pagsasanib upang hindi lamang maging diskurso ng pagtatangi sa makabago at bukas na kosmopolitanong pananaw ng lungsod laban sa tradisyonal at konserbatibong pananaw na rural.

Iminumungkahi rin ng direktor ang muling pagsipat sa dalumat ng aswang na lihis sa silbi ng halimaw na manakot at magtakda ng halagahang moral ng lipunan. Bagaman malaganap na ang konseptong kakatuwang makatagpo ang mahihiwagang nilalang, nananatiling nakabaon sa kamalayan ang pag-iral ng mga nilalang at mga espiritung ito. At bagaman marahan nang lumalaganap ay malawak at malaki, kung hindi man dambuhala, ang subersibong potensiyal ng tekstong mahiwaga lalo na't nakaugat ito sa isang kamalayang pambalana, kung hindi man pambansa.

# IX. BIBLIYOGRAPIYA


PANITIKAN

Alma, R. (2007). Dyipni. In R. Alma, *Kung bakit kailangan ang himala.* Quezon City: University of the Philippines Press.

Anderson, J. L. (2010, December). Making sense of magic: the form and function of fantasy film. USA.

Auden, W. H. (1938). Musee de Beaux Arts. [Poetry].

Bhabha, H. (1994). *The Location of Culture.* New York, NY: Routledge.

Dissanayake, W. (1993). *Melodrama and Asian Cinema.* New York, NY, USA: Cambridge University Press.

Eliot, T. (1963). Burnt Norton. In T. Eliot, *Collected Poems: 1909-1962.* Boston: Houghton Mifflin Harcourt Trade & Reference Publishers.

Gledhill, C. (1987). *Home is where the heart is: studies in melodrama and the woman's film.* British Film Institute.

Tan, Y. (2001). Virgin to Vampire. In *Pelikula: a journal Philippine Cinema* . Quezon CIty: UP College of Mass Communication Foundation.

Todorov, T. (1975). *The Fantastic: a structural approach to literary genre.* Ithaca, NY: Cornell University Press.

Worland, R. (2007). *The Horror Film: an introduction.* Oxford: Blackwell Publishing.

PELIKULA

Dyogi, L. (Director). (1998). *Magandang Hatinggabi* [Motion Picture].

Gallaga, P., & Reyes, L. (Directors). (1992). *Aswang* [Motion Picture].

Haynes, T. (Director). (1991). *Poison* [Motion Picture].

Lee, A. (Director). (2005). *Brokeback Mountain* [Motion Picture].

Monteverde, L. (Producer). *Shake Rattle and Roll* [Motion Picture].

Somes, R. (Director). (2008). *Yanggaw* [Motion Picture].

Weerasethakul, A. (Director). (2004). *Sud pralad* [Motion Picture].

Weerasethakul, A. (Director). (2010). *Uncle Boonmee Who Can Recall His Past Lives* [Motion Picture].

Yapan, A. (Director). (2009). *Panggagahasa kay Fe* [Motion Picture].

# X. KARAGDAGANG PAHINA

**MAY HARDIN SA LIKOD**

ni

**GIANCARLO LAURO C. ABRAHAN V**

Isang panukalang tesis na isinumite kay Dr. Grace Javier Alfonso

Unang Semestre ($1^{st}$ Sem)
AY 2011- 2012

Oktubre 19, 2012

# KABANATA 1. Introduksiyon

Realismo ang dominanteng estilo ng paglikha sa pelikulang Filipino ngayon. Kapansin-pansin lalo na sa kasalukuyang masiglang bugso ng mga alternatibong pelikula ang pagkiling sa paglalahad sa paraang realista kung hindi man Sosyalista Realista. Bukod dito, mga pelikulang melodrama at romantiko komedya ang inilalabas ng malalaking produksiyon para sa mainstream. Suriin mang malayo sa katotohanan ang representasyon sa mga pelikulang ito ng mainstream, mabigat ang pataw na gawing malapit sa katotohanan ang mga pangyayari at lunan ng mga kuwento sapagkat nakaangkla sa pagiging kapani-paniwala at pag-aanyong posible ang handog nitong pantasya.

Ang mahiwaga sa pelikula ay nasa kabilang banda. Sapagkat namamayani ang estilong realista, ituturing ang mahiwaga bilang kababalaghan, lalo na sa mga pelikulang horror. Abnormal at lihis sa realidad ang mga engkanto at espiritu na kailangang iwaksi at labanan.

At samantalang nakalikha na ng pelikulang pantasya, tulad ng *Ibong Adarna*, noong nagsisimula pa lamang gumawa ng pelikula sa Filipinas ay nananatiling mababa ang kaledad ng produksiyon nito.

Kalunus-lunos ang katayuan ng mahiwaga sa pelikulang Filipino sa ngayon. Kung hindi batis ng takot at pangamba, kinakasangkapan din ang hiwaga sa pagpapatawa: mula sa mala-epikong representasyon ng Enteng Kabisote, na patok sa takilya tuwing MMFF; hanggang sa mga pelikula ng modernong superhero na ang bida ay komedyante.

Ang mahiwaga ay isang malignong dapat kalabanin, dapat katakutan. Ang anumang mahiwaga ay supernatural at labas sa likas na kalagayan. Datapuwat kung

pakikinggan ang mga tinig na malayo, kung hindi man malaya, sa tanikala ng pananaw na panlungsod ay maririnig ang mga kuwento hinggil sa mahihiwagang pangyayari kasabay ng usapang basketbol o usapang lasing, ng tsismis tungkol sa mga naghihiwalay na artista o naghihiwalay na kapitbahay, at ng debate sa politika o pagbubuhat ng sari-sariling bangkô.

Bagama't malalim na ang impluwensiya ng agham at teknolohiya sa araw-araw ay hindi maitatangging nananatili ang kapit ng mahiwaga sa buhay Filipino. Mahalagang pansinin na ang kamalayang may hiwaga ang realidad ay bahagi ng hindi sabay at hindi pantay na pag-unlad ng iba't ibang lugar sa Filipinas sa panahong post-kolonyal.

Literal, sa isang banda, ang paghahanap ng hiwaga sa pelikula na isinusulong ng pelikulang ito. Paglusong muli sa kuwentong mahiwaga at estilong nagpapagitaw sa kahiwagaan ang nais paunlarin sa pelikulang ito. Samantalang may ilang pelikula nang sumubok maglahok ng hiwaga sa realidad na kanilang binubuo ay malakas ang pangangailangang isulong ang paggamit ng hiwaga, na taal naman sa kamalayang Filipino, sa pagdalumat ng karanasang Filipino sa pelikula.

Kung bibigyan ng pakpak ang isang tauhan sa pelikula, lilipad ba ito o babagsak at pagtatawanan lamang? Paano ibabalik sa kamalayang Filipino sa pamamagitan ng pelikula ang hiwaga, ang posibilidad ng pagkakaroon ng pakpak?

Pagbabalik sa lupa ang panukala ng pelikulang ito. Hindi pagkawala sa kinamihasnang lupa ang nais na paglipad ng pelikula sapagkat kinikilala nito ang lagi't laging pagbabalik sa lupa, ang lakas ng grabedad. Unang babalikan ang pinagmulang probinsiya ng manlilikha ang pelikula—bayan ng Loboc sa isla ng Bohol, katabi ng ilog at napaliligiran ng mga burol. Sa lunang ito ipapaloob ang pelikula dahil bahagi din ng

lunggating palawakin pa ang kakaunting lawas ng pelikulang Bol-anon. Kakaunti na lamang ang sineng rehiyonal ng Gitnang Kabisayaan, dominado pa ng pangunahing probinsiyang Sugbo (Cebu) . Ikalawang babalikan ang realismo sapagkat hindi nais gawing kababalaghan, pantastiko, o katatawanan ang mahiwaga sa pelikula. Nais ituring ng pelikulang bahagi ito ng realidad at kamalayang Filipino; na bahagi ng pang-araw-araw nakatotohanan ang hiwaga.

Kung engkanto sa pelikula itong kahiwagaan, ipinapanukala ng manlilikhang ito na huwag paslangin ang maligno,  huwag iwaksi o kalabanin. Bagkus, ang mungkahi ay amuhin, kaibiganin, at higit pang kilalahin itong engkantong hiwaga. Hindi dapat katakutan ang engkantong batis din ng mangha at ng posibilidad ng paglipad.

## KABANATA 2. Konsepto

Tag-araw. Malapit nang sumapit ang Mahal na Araw. Bayan ng Tamblot—isang munting bayang dinadaluyan ng isang makitid na ilog—sa isla ng Bohol. Ito ang lunan nitong kuwentong gagamit ng estilong mahiwagang realismo.

Nakasentro sa mga transformasyon ng mga miyembro ng isang di-pangkaraniwang mag-anak ang salaysay. Hinihintay nila ang pagdating ng kapamilyang nagtrabaho sa ibang bansa—siya na anak ng lolang ulyanin; na nag-iisang kapatid ng baklang parlorista; at siyang ina ng binatilyo.

Kasabay ng paghahanda ng buong Tamblot para sa parating na pagkamatay at pagkabuhay ng Hesukristo ay naghahanda ang mag-anak. Inihahanda ng matandang ulyanin ang sarili para sa kamatayan at sa pakikipagtagpo sa mga nang-ulilang mga kaibigan. Pinag-iisipan ng baklang parlorista ang pakikipagtanan sa nobyo niyang itim na hubog patungo sa ibang mundo; subalit hindi niya maiwan ang kaniyang pamilya.

Ang pinakamahalagang transformasyon ay sa binatilyo. Bumababa ang kaniyang boses subalit naghahanda siya para sa pagtatanghal niya ng isang awit sa harap ng lahat. Magpapatuli siya upang maging lalaki subalit tutubuan din siya ng hardin ng mga bulaklak sa likod niya.

# **KABANATA 3. Rebista ng Kaugnay na Teksto**

Lahok sa rebista ng kaugnay na teksto sa ilalim ang ilang tekstong pamapanitikan at pampelikula na nasa kategorya ng mahiwagang realismo, pantasya, at absurdo. Isinama din ang ilang kritikal na teksto na malaki ang impluwensiya sa paghubog ng mga dalumat na nais ipahayag at itawid ng pelikula.

## A. PANITIKAN

Isang mahabang tulang pasalaysay sa tradisyonal na anyong korido ang **Ibong Adarna**. Sa Kaharian ng Berbanya, isang mahiwagang ibong matatagpuan sa Bundok Tabor ang Adarna. Ang Ibong Adarna ang natatanging lunas sa maysakit na Haring Fernando.

Susubukin ng tatlong magkakapatid na prinsipe na kunin ang mahiwagang ibon mailap ang ibon. Bago matulog ay umaawit ito at nagpapalit ng balahibo nang pitong ulit; at aantukin ang sinumang makarinig. Nagbabawas din ito bago matulog, at ang napapatakan ay nagiging bato. Subalit ang bunso lamang a si Don Juan ang makadarakip sa Adarna. Habang pauwi sa kaharian ay bubugbugin ng dalawang panganay na prinsipe ang bidang si Don Juan at iuuwi ang Adarna sa kaharian.

Isang mahabang alamat ng pag-aagawan ng kapangyarihan sa pagitan ng magkakapatid at mangingibig ang isasalaysay ng alamat. Subalit ang mga elemento ng pakpak, ng engkantong ibon, ng pagbabagong-anyo patungong bato, at pagdumi ang mga elementong nakaimpluwensiya sa konsepto ng May Hardin sa Likod.

Kathang popular ng manunulat ng mahiwagang realismo na si Gabriel Garcia Marquez ang “**A Very Old Man with Enormous Wings: A Tale for Children**.” Isang matandang may malaking pakpak ang biglang sumulpot sa bakuran ng isang tahanan habang bagong silang ang panganay na anak ng mag-asawang Pelayo at Elisenda. Pagpipiyestahan ang matanda ng kapitbahay, pagtatakhan ng simbahan, dadayuhin ng mga maysakit, turista at kahit ng mga perya, at pagkakakitahan ng mag-asawang nakatagpo rito. Dahan-dahang mawawala ang pagdagsa ng mga tao para makita ang matanda paglipas ng panahon.

Sa tiyempong ito ay nakaipon na ang mag-anak upang makapagtayo ng malaking mansiyon at nakakuha na ang mag-asawa ng pirmeng hanapbuhay. Magkakasakit pa isang taglamig ang matanda ngunit sisigla muli pagdating ng tag-araw. At sa panahong papasok na ang bata sa paaralan, mag-isa na lamang si Elisenda sa bahay. Matatanaw ng babae ang matandang susubok lumipad, hanggang lumipad lampas sa mga bahay, hanggang di na makita ni Elisenda.

Mahalagang impluwensiya ang akdang ito sapagkat lundagan ito ng isang kuwentong may estilong mahiwagang realismo. Bukod pa rito, ginagamit din ang elemento ng pakpak at paglipad sa akda. Subalit ang pinakamahalagang aspekto ng kathang pinaghuhugutan ng konsepto ay kung paanong nagtatagpo-tagpo ang lunan ng pamilya, relihiyon, at pantastiko sa naratibong popular ng lipunan.

Hindi maiwasang dumulog sa tanyag na kuwento ni **Icarus** sa mitolohiyang Griyego. Tatakas sa isla ang batang si Icarus mula sa isla kaya ginawan siya ng pakpak

ng kaniyang ama. Subalit sa pagliapad ay masyadong mapapalapit sa araw si Icarus, at matutunaw ang mga pakpak nito. Babagsak ang bata sa dagat.

Babaling din sa tula ni W. H. Auden tungkol kay Icarus na "**Musee de Beaux Arts**" ang pelikula sapagkat higit na nais ipagitaw ng pelikula ang kalungkutan ng pagkakaroon ng pakpak. Bukod dito, nais ding paigtingin ang pagwawalang-bahala ng madla sa pantastikong pangyayari dahil likas na bahagi ito ng realidad.wal na

Isang eksperimental na nobela ni Jean Genet ang **Our Lady of the Flowers** tungkol sa drag queen na si Divine na tumira kasama ang iba't ibang mangingibig. Sa kaniyang mga lalaki, ang callboy na si Darling Daintyfoot ang pinakamamahal niya. Iuuwi ni Darling Daintyfoot isang araw ang isang mamamatay-tao, si Our Lady of the Flowers. Ilalahad sa di-linear na paraan ng nobela ang buhay at kasaysayan ni Divine, ang mga pakikipagsapalaran ni Darling Daintyfoot, at ang paglilitis ni Our Lady of the Flowers, at ilang pang mga tauhang nasa laylayan ng lipunan lalo na ang mga bakla.

Mahalagang eksperimento sa naratibo at sa erotikang panulat ang nobela ni Genet at mahalaga ang diskurso hinggil sa pagpapalaya ng karanasang iba at malayo sa karaniwang tanggap ng lipunan.

Nais sundan ng manlilikhang ito ang subersibong pagyanig sa halagahan na isinagawa ni Genet sapagkat na bagaman taliwas sa karaniwan ay totoong-totoo sa kaniyang mundo. Ipinapalagay ng manlilikhang ito na ang realidad ng probinsiya ay lihis sa daloy ng realidad at halagahan ng nakararami.

Ang ganitong halagahan na nakaugat sa karanasang pambayan ang nagdadala sa manlilikhang ito na dumulog sa konsepto ng "carnivalesque" ng Rusong kritiko na si Mikhail Bakhtin. Papasukin ng manlilikhang ito ang kaisipan ni Bakhtin hinggil sa panitikang bayan at kulturang bayan sa pamamagitan ng mapaglagom na akda ni Simon Dentith na **Bakhtinian Thought: an introductory reader**. Pinahahalagahan ni Bakhtin ang pagbabaliktad at pagtutunggalian ng mga imahen at ng mismong mga halagahan sa lipunan sa loob ng tekstong pambayan.

Ipinapalagay ng manlilikhang ito na matatagpuan ang ganitong pangyayari sa Filipinas sa loob ng probinsiya, na lunan ng pelikula. Sa ganitong lente, pinahahalagahan ng manlilikha ang ritwalistikong karanasan sa probinsiya na nakaugat sa malalim nitong paglaban sa mahigpit na kaayusan bagaman napasukan na ng mga institusyong panrelihiyon at panlipunan.

Huling batis na panitikan ang bagong aklat ni Bliss Cua Lim na **Translating Time: Cinema, the Fantastic, and Temporal Critique**. Nais basagin ng kritika ni Lim ang paniniwalang may iisang regular na daloy ang panahon at kasaysayan. Dagdag dito, iminumungkahi ni Lim na sa mga pelikulang may paksang mahiwaga nagaganap ang pagayanig sa konsepto ng panahon na iisa ang daloy. Sapagkat labas sa realidad ang mga tauhang engkantado at mga pangyayaring mahiwaga, matatagpuan sila sa lahat ng panahon-- sa nakaraan at kasalukuyang hindi mapaghihiwalay at patuloy sa paglawak.

## B. PELIKULA

Tungkol sa pakikipagsapalaran ng batang si Ofelia sa Espanya matapos ang Digmaang Sibil at sa mahiwagang laberinto ng Faun ang **Pan's Labyrinth** (2006) ni Guillermo del Toro. Hinala ng Faun na si Ofelia ang nawawala niyang anak na si Princess Moana. Bibigyan ng Faun ng mga pagsubok upang patunayang ang bata ang karapat-dapat na prinsesa ng mundo sa ilalim ng lupa.

Tatakbuhan ng batang Ofelia ang malupit niyang ama-amahang si Kapitan Vidal na nagpapapatay sa mga rebelde matapos itakas ng kapatid niyang anak ni Vidal. Ngunit hindi magawa ng batang Ofelia na ialay ang dugo ng kaniyang batang kapatid kaya't papatayin siya ni Vidal. Itong pag-aalay ng kaniyang sariling dugo ang huling patunay na siya nga si Princess Moana na magrereyna sa mundo sa ilalim ng lupa, bagaman patay na ang batang Ofelia sa realidad ng mundo.

Itinatayang isa sa pinakamahalagang teksto ng Third Cinema ang **Mababangong Bangungot** (1977) ni Kidlat Tahimik. Tsuper ng dyipni si Kidlat Tahimik na nahuhumaling sa pantasyang kolonyal. Simboliko at matulain ang eksperimental na pelikulang ito ni Kidlat Tahimik na susundan ang paglalakbay ng tsuper mula sa Filipinas patungo sa iba't ibang bansa ng Europa hanggang matantong mababangong bangungot lamang ang pinantasya niyang kaunlaran sa Kanluran. Ginagamit niya ang estilong halos pandokumentaryo na puno ng parikala at katatawanan sa kabila ng mabigat nitong kritisimo ng pantayang kolonyal.

Tatlong naratibo ang sinusundan ng pelikulang **Poison** (1991) ni Todd Haynes. Halaw din ito sa mga likha ni Jean Genet.

Una, susundan nito sa paraang mala-dokumentaryo ang misteryosong paglipad ng isang bata matapos ang diumanong pagbaril sa kaniyang ama. Ikalawa'y ilalahad ang paghihirap ng isang presong bakla na umiibig sa kapwa presong nakilala niya sa labas. Ang ikatlo't huli ay tungkol sa isang siyentistang natuklasan ang pormulang naglalaman ng ubod ng sekswalidad at libog sa katawan ng tao; at matapos na di sadyang mainom ito ay magiging leprosong mamamatay-tao. Susubukin ng kapwa doktor na tulungan ang siyentista subalit ikasasawi rin niya ito.

Tungkol sa isang babaeng nanganak ng pating ang **Isda** (2011) ni Adolfo Alix Jr. Lunan ng mahiwagang pangyayaring ito ang impormal na pamayanan sa lungsod. Ituturing na anting-anting na magbibigay ng suwerte sa buhay ng babae ang isda subalit hindi may tigmak pa rin ng iskeptisismo ang kaniyang asawa. Sa dulo ng pelikula ay masusunog ang bagong bahay ng babae at maiihaw ang pating sa kaniyang kaarawan.

# KABANATA 4. Balangkas ng Pag-aaral

Nakasandig ang konsepto ng May Hardin sa Likod sa mga dalumat ng Mahiwagang Real ng Latin Amerika, ng carnivalesque ni Mikhail Bakhtin ng Rusya, ng multiplisidad ni Henri Bergson, at ng hybridity ni Homi Bhabha.

A. Mahiwagang Real (Magic Realism)

Mahalagang salik sa pagbuo ng pelikulang ito ang Mahiwagang Real sapagkat ipinapalagay ng estilong ito na nakapaloob ang makatotohanan at ang mahiwaga sa iisang realidad, sa iisang daloy ng pag-iisip. Naniniwala ang manlilikhang ito na hindi magkatunggaling kaalaman at katotohanan ang mahiwaga at ang kapani-paniwala.

May hangad ang pelikulang ito na maglahad ng mga ugnayan sa loob at labas ng pamilyang Filipino; at napaiigting ng misteryosong mga pangyayari na wari bang talinghaga o metapora na nakaukit sa kamalayan at kulturang Filipino. May paniniwalang may mas malalim na pagdalumat ng kaisipang Filipino hinggil sa pagbabaguntao, sa pagkalalaki, at sa pagtanda lalo na sa konteksto ng isang probinsiyang dahan-dahang pinapasok ng teknolohiya sa kasalukuyan.

Ipinapalagay ng pelikula na nakaugalian na tanawin ang mundo sa paraang ipinaghahalo ang mistikal sa realidad. At kung maliligaw sa nagbabanggaang mga ideya at kaisipan, hawak man ng isang Filipino ang isang mapa ay babaliktarin pa rin niya ang kaniyang kamisa. Ang ganitong paghahalo ng waring nagtutunggaliang katotohanan ang nais ipagitaw sa pelikula.

B. Carnivalesque

Para sa Rusong kritiko na si Mikhail Bakhtin, mababakas sa popular na kaisipan ang pambabalahura sa mga ugnayang namamayani sa lipunan. Kung sisipatin daw ang mga ritwal at mga pagdiriwang, binabastos at pinalalaswa kung hindi man ginagawang katatawanan ang mga imaheng dapat sana ay idinadambanang banal.

Ang ganitong pagbabaliktad ang ginagamit ng pelikulang ito na naglalahok ng pinakasagradong pangyayari sa kalendaryong Kristiyano—Mahal na Araw at Pasko ng Pagkabuhay—bilang lunsaran ng kuwentong tigib sa pag-ihi, pagtae, at pagsuka. Tampok din dito ang kakaibang karanasan sa ibang probinsiya ng paglalasing ng mga kabataan kapag Biyernes Santo na dapat sana'y tigib ng pagluluksa at kalungkutan.

Mahalagang salik ang termino ni Bakhtin na degradation, na itinuturing na pagpapababa ng mga idinadambana, ng espiritwal, ng abstrakto sa materyal na nibel. Ang pambabalahura o pagiging bulgar ay ginagamit sa pelikula mula sa imahen ng literal na pagbulok ng bunganga ng kura patungo sa halos simbolikong pagtubo ng bulaklak at pakpak sa katawan ng binata.

Pinakamahalaga marahil na kinakasangkapan ng pelikula sa ideya ng carnivalesque ay ang pagkakaroon ng salimbayan ng mga tinig, o ang tinatawag niyang polyphony. Sabay-sabay ang mga tinig na waring nasa isang palengke at walang nakatataas. Nababasag ang mga matatag na ugnayan sapagkat namamayani ang popular.

Ang bakla ang puno ng tahanan. Ulyanin na ang matanda at nililoko. Ang batang tinubuan ng bulaklak ang magtatanggal ng talukbong sa buhay na Hesukristo. Ang itim na hubog ang tapat na mangingibig. Nabubulok ang pari. Ilan lamang ito sa mga

pagbubulok (hindi lamang pagbababa) sa mga ugnayang hiyerartsikal isinasagawa ng pelikula.

C. Multiplisidad (Multiplicity)

Katangi-tangi ang konsepto ng multiplisidad ni Henri Bergson sapagkat nabibigyan nito ng puwang ang pagkakaroon ng salimbayan ng mga tinig at salimbayan ng mga damdamin bagaman dapat nagtutunggalian ang mga ito. Para sa kaniya ang multiplisidad na ito ay hindi maipapahayag ng iisang simbolo, at malamang ng isang salita o isang pangungusap. Ganito, sa aking palagay, ang kaisipang Filipino na punung-puno ng parikala lalo na kapag nagsasalimbayan ang kaisipang personal, pampamilya, panlipunan, at pansampalataya. Lumalaktaw at umuusad ang ating kaisipan hindi lamang sa maraming iba't ibang dalumat na waring nagtutunggalian subalit bahagi lamang ng iisang kamalayan na matatawag na Filipino.

Kung gayon, ipinapalagay ng pelikula na ang lagay ng Filipino sa panahong post-kolonyal ay hindi isang pagdedeskolonisa, bagkus isang pagdalumat sa maunlad na kamalayang Filipino na mahahanap hindi lamang sa iisang panahon kundi sa lahat ng panahon lalo na't sapagkat ang kasalukuyang kamalayan ng Filipino ay hindi lamang tumutukoy sa ngayon kundi sa nakaraang lumalawak nang walang hangga.

D. Hybridity

Yaman din lamang at nabanggit na ang usaping post-kolonyal, binalikan ng pelikulang ito bilang salik si Homi Bhabha lalo na ang kaniyang ideya ng hybridity. Mauunawaan ang hybridity bilang paghahalo ng dalawang bagay. Mapapansing ito ang

tema ng mga teoryang kinasangkapan ng pelikula mula sa paghahalo ng mahiwaga sa real, sa pambabalahura sa dapat ay sinasamba, sa pagkakaroon ng iba't ibang kaisipan sa loob ng isang kamalayan na maaari pang magtunggali.

Bahagi ng kasaysayan ng isang dating kolonya ang pagtunggali at pagkontra sa kultura ng mananakop. Sa pagbabanggaang ito, hindi maiiwasang manaig ang mananakop lalo na't nakolonisa naman ang bayan. Subalit sa pagnanaturalisa ng karunungan ng mananakop ay may ipinapasok ang sinakop na mga elementong nagbubunga sa isang hybrid o siyokoy na kamalayan.

Itinatampok sa pelikulang ito ang hybrid na pagtanaw sa mundo ng isang Filipino sa pamamagitan ng pagbaling sa isang tekstong Filipino subalit lumabas noong pananakop ng mga Kastila—Ang Ibong Adarna—samantalang nakalunan sa kasalukuyang tigmak sa teknolohiya kahit ang mga probinsiya.

## KABANATA 5. Pamamaraan

PANUKALANG ISKEDYUL – MAY HARDIN SA LIKOD

**Pre-produksiyon**

| | | |
|---|---|---|
| 22 Oktubre | 28 Oktubre | Unang Krokis ng Iskrip |
| 29 Oktubre | 4 Nobyembre | Ikalawang Krokis ng Iskrip |
| 5 Nobyembre | 11 Nobyembre | Miting kasama ang Tagapayo |
| 12 Nobyembre | 18 Nobyembre | Miting kasama ang Tagapayo/ Miting kasama ang Crew |
| 19 Nobyembre | 25 Nobyembre | Paghahanap ng Artista |
| 26 Nobyembre | 2 Disyembre | Paghahanap ng Artista |
| 3 Disyembre | 9 Disyembre | Paghahanap ng Artista |
| 10 Disyembre | 16 Disyembre | Pagsipat at Pagbisita sa mga Lokasyon |
| 17 Disyembre | 23 Disyembre | Huling Pagtatasa sa Iskrip |
| 24 Disyembre | 2 Enero | Bakasyon |
| 3 Enero | 6 Enero | Miting kasama ang Crew |
| 7 Enero | 13 Enero | Pagsasanay kasama ang mga artista |

**Produksiyon**

| | | |
|---|---|---|
| 14 Enero | 20 Enero | SHOOT |
| 21 Enero | 27 Enero | SHOOT |

**Post-produksiyon**

| | | |
|---|---|---|
| 28 Enero | 3 Pebrero | Pagtatahi |
| 4 Pebrero | 10 Pebrero | Pagtatahi |
| 11 Pebrero | 17 Pebrero | Pagtatahi |
| 18 Pebrero | 24 Pebrero | Pagtatahi |
| 25 Pebrero | 3 Marso | Paglalapat ng Tunog at Musika |
| 4 Marso | 10 Marso | Pagkukulay |
| 11 Marso | 17 Marso | Paghahanda ng Ibang Materyales |

PANUKALANG BADYET **(690, 000)**

| | | |
|---|---|---|
| **Pre-produksiyon** | | **(20, 000)** |
| Miting para sa Produksiyon | | |
| Pagkain | | 3, 000 |
| Transportasyon | | 2, 000 |
| Printing | | 1, 000 |
| Iba pa | | 2, 000 |
| Pagbisita sa Lokasyon | | |
| Pagkain | | 2, 000 |
| Transportasyon | | 10, 000 |
| **Produksiyon** | | **(600, 000)** |
| Transportasyon | | |
| Crew | | 50, 000 |
| Talent Fee | | 200, 000 |
| Artista | 150, 000 | |
| Extras | 50, 000 | |
| Disenyo ng Produksiyon | | 60, 000 |
| Ilaw | | 80, 000 |
| Generator | | 20, 000 |
| Pagkain | | 50, 000 |
| Tunog | | 50, 000 |
| Tirahan | | 20, 000 |
| Lokasyon | | 40, 000 |
| Iba pa | | 30, 000 |
| **Post-produksiyon** | | **(70, 000)** |
| Kulay at Edit | | 30, 000 |
| Tunog | | 25, 000 |
| Musika | | 15, 000 |